



EHEKUTIBONG BUOD

S.1 - Pangkalahatang Ideya ng Lugar ng Proyekto

Ang California Department of Transportation (Caltrans), sa pakikipagtulungan ng (Awtoridad ng Transportasyong Panglungsod ng Los Angeles County) Los Angeles County Metropolitan Transportation Authority (Metro), ng (Konseho ng mga Pamahalaan ng mga Pasukang Lungsod) (Mga Pasukang Lungsod COG), ng (Samahan ng mga Pamahalaan sa Timugang California) Southern California Association of Governments (SCAG), ng (Mga Pantalan ng Los Angeles) Ports of Los Angeles (POLA) at Long Beach (POLB) (na sama-samang nakilala bilang Ports), at ang Interstate 5 Joint Powers Authority (I 5 JPA) (sama-samang tinukoy bilang Mga Kasosyong Mamumuhunan ng I 710), na nagpapanukalang paunlarin ang Interstate 710 (I 710 na kilala din na Long Beach Freeway) sa Los Angeles County sa pagitan ng Ocean Blvd. at State Route 60 (SR 60). Ang iminungkahing proyekto ay tinatawag na I 710 Proyektong Koridor. Ang I 710 ay isang pangunahing hilaga-timog na interstate freeway na nag-uugnay sa Lungsod ng Long Beach patungong sentro ng Los Angeles. Sa loob ng I 710 Pinag-aaralang Lugar sa Proyektong Koridor (Pinag-aaralang Lugar), ang I 710 na nagsisilbing pangunahing transportasyon na nag-uugnay sa pagbabayhe ng mga produkto sa pagitan ng POLA at POLB na nasa timugang hangganan ng I 710 at ng Burlington Northern Santa Fe (BNSF Railroad)/Union Pacific Railroad (UP Railroad) na mga bakuran ng tren sa mga Lungsod ng Commerce at Vernon.

Ang kasalukuyang I 710 Koridor ay may mataas na antas ng panganib sa kalusugan na nauugnay sa mataas na antas ng ibinubugang maliliit na sangkap ng diesel, pagsikip ng trapiko, pagdami ng mga truck, pagdami ng naaaksidente, at maraming dinisenyong tampok na kailangan nang baguhin para maging moderno (ang orihinal na freeway ay itinatayo noong mga 1950 at 1960). The I 710 (Pangunahing Pag-aaral sa Koridor) Major Corridor Study (MCS; Marso 2005), na isinagawa para mabigyang pansin ang pangangailang kakayahang makakilos at pangkaligtasan ng I 710 Koridor at tuklasin ang mga posibleng solusyon sa pagpapabuti ng transportasyon, na nakompleto noong Marso 2005 at ang natuklasang nakabatay sa Kagustuhang Estratehiya ng Lokal na komunidad na binubuo ng sampung daanan na para sa pangkalahatang gamit kalapit ng apat na magkahiwalay na pangkargamento- ginagalawang mga daanan. Kasunod ng MCS isang (Planong Ulat sa Epekto sa Kapaligiran/Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran) Draft Environmental Impact Report/Environmental Impact Statement (EIR/EIS tinimbang para sa pampublikong pagsusuri noong 2012 na nag-analisa sa ilang alternatibong pagtatayo. Batay sa natanggap na obserbasyon sa panahon ng pagpapabatid sa publiko noong 2012, at ng mga pagbabago sa mga kalagayan ng panguhing trapiko at mga panukalang modelong trapiko, may binuong nirebisa at inihandang alternatibo sa kasalukuyang (Muling Naipabatid na Panukalang Ulat sa Epektong Pangkapaligiran/Pantulong na Panukalang Pahayag sa Epektong Pangkapaligiran) Recirculated Draft Environmental Impact Report/Supplemental Draft Environmental Impact Statement (RDEIR/SDEIS).



Ang Area ng Pinag-susuri para sa I-710 koridor

Kabilang sa Pinag-aaralang Lugar ang bahagi ng I 710 Koridor mula sa Ocean Blvd. sa Long Beach patungo sa SRI 60 na mga distansyang tinatayang 19 na milya. Sa freeway tungo sa freeway na mga interchange, ang Pinag-aaralang Lugar ay umaabot hanggang sa silangan at kanluran ng I 710 pangunahing daanan para sa Interstate 405 (I 405, State Route 91 (SR 91), Interstate 105 (I 105), and I 5 mga interchange. Ito ang pangkalahatang Pinag-aaralang Lugar para sa I 710 Proyektong Koridor. Itinatag ang espesipikong mga Pinag-aaralang Lugar para sa indibiduwal na pagsusuri ng kapaligiran (hal. Pagtaya sa panganib sa kalusugan na bahaging interesado o mga lugar ng kalidad ng tubig).

S.2 - Layunin at Pangangailangan

S.2.1 - Pangangailangan para sa Proyekto


Ang I 710 Koridor ay isang napakahalagang daanan ng transportasyon, pinag-uugnay nito ang mga komunidad sa mga nadadaan nito at ang POLA at POLB patungo sa Timugang California hanggang sa kabila nito. Isang mahalagang bahagi ng pangrehiyon, pang-estado, at pang nasyonal na sistema ng transportasyon, nagsisilbi ito sa mga sasakyang nagbabahe kapwa ng pasahero at mga produkto. Dahil sa resulta ng pagdami ng populasyon, pagdami ng trabaho, tumaas na pangangailangan sa pagbabahe ng mga produkto, tumataas na dami ng trapiko, at naluluma nang imprastruktura, ang I 710 Koridor ay dumadanas ng seryosong pagsikip ng trapiko at mga isyung pangkaligtasan.



Ang I-710 ay isang malaking koridor na dinadaan ng mga naghahatid ng produkto.

S.2.1.1 - Kalidad ng Hangin

Ang itinalaga ng E.U. na (Ahensyang Nangangalaga Kapaligiran) Environmental Protection Agency (EPA) ang South Coast Air Basin (Lunas), na naglalakip sa Pinag-aaralang Lugar, bilang extreme ozone hindi na nararating na lugar at isang hindi nararating na lugar para sa maliit na sangkap na nasa hangin na mababa sa 10 at 2.5 micron (PM10 at PM2.5) Ang pagkahatad sa ozone, PM10, at PM2.5 mga antas na mas mataas sa pamantayan sa kalusugan ng Pederal ay nauugnay sa maraming malulubhang nakakaapektong sakit—kabilang na ang paghina ng baga, paglubha ng hika, pagtaas ng mga sintomas ng sakit sa baga at puso, at malalang bronchitis. Ang mga pag-aaral tulad ng (Distrito na Namamahala ng Kalidad ng Hangin sa Timog Baybayin) South Coast Air Quality Management District (SCAQMD) (Mga Pag-aaral sa Pagkahatad sa Iba't Ibang Lason sa Hangin) Multiple Air Toxic Exposure Studies (MATES), ang pinakabagong MATES IV ay nagpapakitang ang tumaas na antas ng nitrogen dioxide (NO2) at (napakapinong sangkap) ultrafine particulates (UFPS) ay nagaganap sa malapit na malapit sa mga kalsada. Ang mga sampol ng mga MATES na ito ay naganap nito lamang 2012 at 2013; ang pinakamataas na antas ng tinatayang panganib sa cancer (tinatayang 1,400 sa isang milyon) noong 2012 (taon ng pag-analisang pag) naganap sa Pinag-aaralang Lugar, partikular na malapit sa mga Pantalan, sa mga bakuran ng tren, at sa kahabaan ng I-710 freeway. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito na ang (maliliit na sangkap ng diesel) diesel particulate matter (DPM) ay ang may pinakamalaking bahagi sa pagdadala sa kalidad ng hangin na nauugnay sa panganib sa cancer sa Lunas at ang tinatayang kalahati ng DPM ay ibinuga ng mga truck na diesel na dumadaan sa freeway at mga sistemang daanan.




Ipinapakita ng data ng South Coast Air Quality Management District na ang mataas na antas ng lason sa hangin sa kahabaan ng I-710 ay makakapinsala sa kalusugan ng tao.

S.2.1.2 - Kapasidad, Pangangailangan para sa Transportasyon, at Pangkaligtasan

Kapasidad. Maraming bahagi ng pangunahing linya ng I-710 ng I-710 na kasalukuyang pinatatakbo sa antas ng serbisyo (LOS) E o F sa maghapon, na lumilikha ng lugar na masikip na nagdudulot ng pagsikip sa ibang bahagi ng pangunahing linya ng I-710, gayundin sa mga katulad na nagsasangang mga highway. Ang naiibang salik na nakakaapekto sa kapasidad ng I 710 Koridor ay ang maraming truck na heavy-duty na gumagamit ng I 710 Koridor na bumabyahe sa pagitan ng POLB, POLA, at ng bakuran ng tren na pangkargamento na matatagpuan malapit sa I 5, at sa bodega at sa dakong pinanggagalingan ng cargo na nakapangalat sa buong timugang mataong bahagi ng California. Sa I-710 Koridor, ang isa ring ikinabababala ay ang kapasidad at pagsikip sa lokal na sanga-sangang daan.

Paglago ng Trabaho at Populasyon sa I-710 Pinag-aaralang Area



Ipinakikita ng data ng panrehiyong pagtaya na SCAG ang patuloy na paglago ng populasyon at trabaho sa loob ng South California para sa susunod na 25 taon.

Pangangailangan para sa Transportasyon. Ang pinagsamang aktibidad sa pantalan sa Pinag-aaralang Lugar ay inaasahang tataas mula sa pangangasiwa ng 14.1 milyon taunang katumbas na (dalawampung talampakang katumbas na yunit) twenty-foot equivalent units (TEUs) sa 2012 tungo sa tinatayang 41.4 milyong taunang TEUs sa 2035. Ang pagtayang ito ay kaayon ng SCAG na (2012 Plano ng Pangrehiyong Transportasyon/Estratehiyo ng Natututustasang mga Komunidad) 2012 Regional Transportation Plan/Sustainable Communities Strategy (RTP/SCS) Future Baseline Scenario para sa 2035. Para sa layuning paghambingin, ang kamakailang 2016 RTP/SCS ng SCAG na Apedise ng Pagbabyahe ng mga Produkto ay nagpapakitang ang kabuoang dami ng container para sa mga Pantalan ng Los Angeles at Long Beach ay inaasahang tataas nang 36 milyon sa taong 2035. Ang I 710 Koridor ay, at inaasahang mananatili, na pangunahing ruta ng mga truck na nagdadala ng mga container patungo at pabalik mula sa mga Pantalan. Ipinakikita nitong ang kasalukuyang mga problema sa transportasyon sa pangunahing linya ng I-710 ng I-710 at sa iba pang Pinag-aaralang Lugar na mga daanan ay lalala, at ang resulta, malamang magkakaroon ng di magagandang epekto sa posisyon bilang nakikipagsabayan ng rehiyon ng Los Angeles sa pangglobong ekonomiya.

Ang populasyon sa rehiyon ay tinatayang tataas nang 20 porsyento at ang populasyon sa Pinag-aaralang Lugar ay tinatayang tataas nang 10 porsyento simula 2012 hanggang 2035. Magiging gayundina ang sitwasyon sa patrabaho, na may paglago sa rehiyon nang 27 porsyento at sa Pinag-aaralang Lugar na may paglago sa patrabaho nang 11 porsyento. Mas magiging mababa ang paglago sa Pinag-aaralang Lugar dahil halos kompleto na ang pagpapaunlad nito. Ang pagdami ng populasyon, trabaho, at pagbabyahe ng produkto sa pagitan ngayon at sa 2035 ay aakay sa higit pang trapiko sa I 710 freeway at sa mga kalye at kalsada sa loob ng Pinag-aaralang Lugar sa kabuoan.

Pangkaligtasan. Nakakaranas ang I-710 ng pagdami ng naaaksidente, lampas sa katamtaman ng Estado para sa mga katulad na pasilidad sa maraming lokasyon. Pagdami ng sasakyan sa daan, kasalukuyang disenyo ng freeway, pagsikip ng freeway, at mga intersekyon sa pagitan ng mga kotse at ang pagdami ng mga truck sa daloy ng trapiko sa pangunahing linya ng I-710 ng I-710 ay malamang na dumadagdag na mga salik sa kasalukuyang pagdami ng naaaksidente. Sa Pinag-aaralang Lugar, ayon sa (Sistema ng Pagmamanman at Pagsusuri sa Aksidente sa Trapiko ng Caltrans) Caltrans *Traffic Accident Surveillance and Analysis System (TASAS)*,



Ang I-710 ay nakakaranas ng mataas na bilang ng aksidente.

ang mga aksidenteng nauugnay sa truck na sumaklaw sa 29 hanggang 36 porsyento ng kabuoang bilang ng mga aksidente sa pangunahing linya ng I-710 ng I 710 na pinag-aaralang mga lugar, na mas mataas kaysa sa pamantayan ng Estado.

S.2.1.3 - Disenyo ng Kalsada

Ang I 710 ay dinesenyo noong mga taong 1950 hanggang 1960 bago pa ang lubhang pagdami ng mga pag-angat mula sa Asya at ang paggamit ng container ng mga byahero sa karagatan na nagpataas sa trapiko ng cargo sa POLA at POLB at bago pa ang mabilis na paglalo ng populasyon sa Timugang bahagi ng California simula pa noong 1960. Sa pangkalahatan, ang I 710 freeway ay nanatiling halos walang pinagbago mula noong orihinal itong itinayo. Dahil sa paglago sa pangkalahatang dami ng trapiko at mataas na antas ng trapiko ng truck na naganap nitong nakaraang mga taon, maraming aspekto sa disenyon ng freeway ang hindi na gumagana nang mahusay dahil sa makapal na trapiko ng truck at sa laki at kakulangan sa pagmamaneobrahan ng mga truck na ito.



Noong itinayo ang State Route (I-710) noong 1950, marami pang agrikultura at malawak na kaparangan sa nakapaligid na lugar.

Ang mga tampok ng disenyo ay halos tuwirang may kinalaman sa kasalukuyang mga problema sa operasyon sa I 710 Koridor kabilang dito ang mga disenyo ng lokal na interchange, agwat sa pagitan ng marami sa mga interchange ng pangunahing linya ng I-710 ng I-710 at ng mga lokal na kalye at wala sa pamantayan geometrikong mga tampok ng freeway sa freeway na mga interchange. Sa pangunahing linya ng I-710 ng I 710 freeway, ang wala sa pamantayang kawing na mga distansya, makipot o kawalan ng panggiliid sa kalsada, makipot na linya, pabago-bagong bilang ng mga linya, hindi magkakaparehong sukat ng rampa, at wala sa pamantayang palitada ng kalsada, lahat ng ito ay nagiging sanhi ng kasalukuyang mga problema sa operasyon.



Hindi na makayanan ng mga "cloverleaf" interchange na itinayo noong 1950 ang dami ng trapiko sa kasalukuyan.

S.2.1.4 - Mga Pangangailangang Panlipunan at Pang-ekonomiyang Pag-unlad

Ang kasalukuyang inaasahang paglago na kamakailang ginamit ng SCAG (SCAG 2016 RTP/SCS Pagtaya ng Paglago, Abril 2016) na nagpapakita ng patuloy na paglago sa Pinag-aaralang Lugar. Sa kabuuan, ang populasyon sa Los Angeles County ay inaasahang tataas mula 10.2 milyon sa 2015 tungo sa 11.5 milyon sa 2040 pagtaas na tinatayang 13 porsyento. Ang panrehiyong paglagong ito ay magpapatuloy sa paglikha ng pangangailangan sa I 710 Koridor.

May kinalaman sa pag-unlad ng ekonomiya, makakaranas ang mga Bahagi ng Rehiyon ng mga Pasukang Lungsod ng mataas na antas ng kawalan ng trabaho at kahirapan. Noong Sityembre 2016, ang bilang ng walang hanap-buhay sa Pinag-aaralang Lugar na mula 2.8 hanggang 8.1 porsyento ng manggagawa sa loob ng apektadong mga komunidad, na sa ilang kaso ay mas mataas pa kaysa sa Los Angeles County (5.2 porsyento) at ng Estado (5.5 porsyento) na bilang ng walang hanap-buhay.

Ang masikip na highway ay nagiging sanhi ng mga pagkaantala na nakakaapekto sa kakayahang makakilos ng mga tao at pagbabahe ng mga produkto na nagiging sanhi ng pagtaas ng gastusing pang-ekonomiya. Ang sistema sa pagbabahe ng mga produkto sa Los Angeles na nagsisilbing lagusan ng internasyonal at domestikong kalakalan, lalo na sa loob mismo ng Pinag-aaralang Lugar, kung saan matatagpuan ang POLA, POLB, at ang BNSF/UP Railroad intermodal na mga bakuran ng tren

S.2.1.5 - Paraan ng Ugnayan at mga Pag-uugnay ng Sistema

oridor ay nagsisilbi sa mga pangangailangan ng rehiyon, estado, at bansa kapwa sa lahat ng naglalakbay na publiko at sa mga industriya ng pagbabahe ng mga produkto. Ang I 710 Koridor ay pangunahing nag-uugnay ng pangunahing transportasyon sa pagitan ng POLB/POLA at ng

Ang I 710 K BNSF/UP Railroad intermodal na mga bakuran ng tren na matatagpuan sa mga Lungsod ng Vernon at Commerce. Ang mga Riles ng Tren ng BNSF at UP ay nagagamit sa paghahatid ng kargamento sa mga destinasyon sa buong Estados Unidos. Magkasama, ang POLB/POLA ay isa sa pinakamalaking pantalan ng container sa daigdig, at ang aktibidad sa pantalan ay inaasahang matitriple ang dami sa taong 2035. Ang I 710 Koridor ay naglalaan din ng mahalagang koneksyon ng kalakalan sa interstate sa silangan-kanlurang mga freeway (I 405, SR 91, I 105, I 5, SR 60, at Interstate 10 [I 10]). Kung titingnan ito ayon sa pag-uugnay ng sistema, walang nakaplanong pagpapabuti sa mga pasilidad na ito maliban sa mga posibleng pagpapabuti sa I 5 (mula sa Interstate 605 [I 605] hanggang sa I 710 interchange). Isa pa, ang Gerald Desmond Bridge Project ay papalit sa kasalukuyang tulay at tuwirang mag-uugnay sa timugang hangganan ng I-710 Koridor



Naglalaan ang I-710 ng mahalagang kawing para sa kalakalan ng interstate sa pagitan ng mga Pantalan ng San Pedro Bay, ang BNSF at ng bakuran ng tren ng UP, at sa buong bansa.


Sa kasalukuyang on-dock na riles at intermodal na mga pasilidad na papalapit na sa kapasidad, ang pangangailangan sa pagbabahe ng mga produkto sakay ng truck sa I 710 Koridor ay inaasahang tataas.

S.2.2 - Layunin ng Proyekto

Ang layunin ng I 710 Proyektong Koridor ay ang mga sumusunod:

- Mapabuti ang kalidad ng hangin at ng pampublikong kalusugan
- Mapabuti ang pantrapikong kaligtasan
- Pagsasamoderno sa disenyo ng freeway
- Matugunan ang pangangailan sa inaasahang pagdami ng trapiko
- Mabigyang-pansin ang pagdami ng trapiko na idudulot ng inasahang paglaki ng populasyon; trabaho, at pang-ekonomiyang aktibidad na nauugnay sa pagbabahe ng mga produkto

Ang hangganan ng I 710 Proyektong Koridor ay lohikal, na umaabot mula timugang hangganan ng I 710 Koridor tungo sa koneksyon nito sa SR 60. Itong 19-milyang Pinag-aaralang Area ay sapat ang haba para matugunan ang mga bagay na pangkapaligiran sa malawakang antas. Ang I 710 Proyektong Koridor ay magdudulot ng pagbuti ng kasalukuyang kalagayan ng trapiko sa I 710 Koridor kahit na walang ginawang karagdagang pagpapabuti sa transportasyon sa lugar na ito. Dahil dito, ang I 710 Proyektong Koridor ay may independyenteng utility, yamang hindi ito umaasa sa ibang proyekto sa pag-asikaso sa nakitang pangangailangan sa



Ang mga produkto ay dinadala papunta at pabalik sa mga pantalan sakay ng mga tren at truck.

Pinag-aaralang Area. Higit pa rito, hindi lamang ang mga alternatibo ang isasaalang-alang ng I 710 Proyektong Koridor para sa ibang makatwiran at posibleng pagpapabuti sa transportasyon. Para sa layunin ng dokumentong ito, kabilang sa makatwirang patiuang nakikitang mga pagpapabuti ang anumang pag-unlad sa hinaharap na do'oy isang Pangkalahatang Plano o Espesipikong Plano ang ginamit na magtatalaga sa paggamit ng lupain sa hinaharap; mga proyektong may angkop na hurisdiksyon na nakatanggap ng aplikasyon para sa pagpapaulad ng lugar; o pagpapabuti ng inprastruktura na isinaplanong proyekto ng lokal na hurisdiksyon o iba pang pampublikong ahensya.

1. Mapabuti ang Kalidad ng Hangin at ng Pampublikong Kalusugan
2. Mapabuti ang Pantrapikong Kaligtasan
3. Gawing Moderno ang Disenyo ng Freeway
4. Matugunan ang Inaasahang Pagdami ng Trapiko
5. Matugunan ang Inaasahang Paglago ng Populasyon, Trabaho at mga Gawaing nauugnay sa Paghahatid ng mga Produkto (batay sa SCAG na inaasahan sa populasyon at pagdami ng container sa dalawang pantalan)

S.3 - Panukalang Proyekto

S.3.1 - Mga Gastos at Eskedyul

Ang tinatayang mga gastusin para sa pagtatamo ng right-of-way/ paglilipat ng utility at konstruksyon ay kasama sa Talahanayan S 1.

Talahanayan S-1: Tinatayang Gastusin 1 (sa Bilyon \$)

Alternatibo	R/Daan/Mga Utility	Konstruksyon	Kabuonan
5C	1.08	3.59	4.67
Alternatibo 5C, Opsyon 1A	1.04	3.59	4.63
Alternatibo 5C, Opsyon 2A	1.09	3.62	4.71
Alternatibo 5C, Opsyon 3A	1.11	3.69	4.80
7	1.65	6.32	7.97
Alternatibo 7, Opsyon 1B	1.62	6.33	7.96
Alternatibo 7, Opsyon 3B	1.68	6.44	8.12

Pinagmulan: Ulat ng Plano ng Proyekto (Abril 2017).

Paalala: Ang mga pagtaya ay sa dolyar at hindi rito kabilang ang mga gastos para sa suporta o mga nakaprogramang elemento.

S.3.2 - Mosyon 22.1

Noong 2012 na yugto ng pampublikong sirkulasyon, ang mga natanggap na komento mula sa publiko at mga ahensya ay nagpapakitang may matibay na suporta para sa paglikha at pagsama ng iba pang alternatibo na nagpapanatili ng ZE/NZE na koridor na pangkargamento pero hindi isinama ang mga panlahatang linya sa I-710. Ang Coalition for Environmental Health and Justice (CEHAJ), isang koalisyon ng mga organisasyon, asosasyon, at grupo ng komunidad na nagtutulong-tulong para matamo ang hustisyang pangkapaligiran, kalusugang pangkomunidad, at pangkalahatang kalidad ng buhay sa Pinag-aaralang Area, ay maglalabas ng detalyado at komprehensibong mungkahi ng isang alternatibo na tinatawag na "Community Alternative 7" (CA-7) bilang isang pormal na komento sa 2012 Draft EIR/EIS (tingnan ang Komento No. IP-22 sa Apendise S nitong RDEIR/SDEIS). Sa katulad nitong nagaganap na pagtutulungan at komunikasyon sa pagitan ng CEHAJ at ng I-710 Project Team, ang mga miyembro ng komunidad ay gumawawang ng opisina ng Los Angeles County Supervisor Hilda Solis para ipagpatuloy ang pagsisikap na ilalipat ang CA-7 sa RDEIR/SDEIS. Bilang resulta, naipasa ng Metro Board of Directors ang Board Motion 22.1 noong Oktubre 2015. Isinama din bilang bahagi ng Mosyon 22.1 ang akay sa Metro para suriin, sa pakikipagtulungan ng Caltrans, Gateway Cities COG, at iba pang kasosyo at responsableng mga ahensya, ang pagiging posible ng ilang elemento ng pinag-aaralang area na gawin sa labas ng ngunit katulad ng I-710 Proyektong Koridor, kasama na, ngunit hindi limitado sa, pagbili ng zero emission na truck, at mga programa ng operasyon, pagdaragdag ng hintuan ng bus at pagpunta sa mga daanan ng bisikleta, at pakikipagtulungan sa mga grupo sa komunidad para bumuo ng isang Local and Targeted Hiring Policy at Project Labor Agreement para sa mga trabaho sa konstruksyon at isang First Source Hiring Policy para sa mga permanenteng trabaho na nilikha ng I-710 Proyektong Koridor. Nakalista sa Talahanayan S-2 ang mga elemento ng Mosyon 22.1 na binigyang-pansin sa RDEIS/SDEIS at kung saan matatagpuan ang talakayan.

Talahanayan S-2: Mosyon 22.1 Mga Elementong Lokasyon ng Talakayan sa RDEIR/SDEIS

Mosyon 22.1 Item	Lokasyon ng Talakayan sa RDEIR/SDEIS
A – Geometric na disenyo ng pag-iwas	Seksyon 3.3.2.3
B – Mga truck na zero emission	Seksyon 2.3.2.1, Seksyon 3.13
C – Bagong bus transit na high frequency	Seksyon 2.3.2.1, Seksyon 3.5
D – Tumaas na kasalukuyang serbisyo ng transit	Seksyon 2.3.2.1, Seksyon 3.5
E – Mga pagsisikap sa pagkontrol ng trapiko/TSM/ITS	Seksyon 2.3.2.1, Seksyon 3.5
F – BACT paggamit ng equipment sa konstruksyon	Seksyon 3.24, Apendise F

Mosyon 22.1 Item	Lokasyon ng Talakayan sa RDEIR/SDEIS
J – Mga Pagpapaganda sa Landas na Pambisikleta sa Los Angeles River	Noong Abril 27, 2017 inamyendahan ng Metro Board ang Mosyon 22.1 para isulong ang pagpapa-upgrade ng Landas na Pambisikleta sa Gilid ng Ilog sa Los Angeles sa madaling panahon at bilang hiwalay na proyekto; sa gayon, walang talakayan ng elementong ito dito sa RDEIS/SDEIS
K – Limang bagong tulay na pampedestriyan/bisikleta	Seksyon 2.3.2, Seksyon 3.3, Seksyon 3.5, Seksyon 3.6
L – Kompletong mga kalye na nagsusulong ng masiglang pamayanan	Seksyon 3.3
M – Pagpaparami ng mga puno, damuhan, at mga dahon na lumalaban sa tagtuyot at biosequestration/ bio filtration	Seksyon 2.3.2, Seksyon 3.6
N – Pagtukoy sa karagdagang BMPs	Seksyon 2.3.2, Seksyon 3.9
O – Pag-iwas/pagbawas sa epekto sa Los Angeles River, mga parke, landas, kaparangan, basang mga lupain, at katutubong anyo ng lupa	Seksyon 2.2.2, Seksyon 3.3.2.3

BMP = Best Management Practices (Mahusay na Kaugalian sa Pamamahala)
 ITS = Intelligent Transportation Systems (Matalinong mga Sistema ng Transportasyon)
 Metro = Los Angeles County Metropolitan Transportation Authority
 RDEIR/SDEIS = Recirculated Draft Environmental Impact Report/Supplemental Draft Environmental Impact Statement
 TSM = Transportation System Management

S.3.3 - Mga Alternatibo


Inilalarawan sa seksyong ito ang mga alternatibong nakabatay sa MCS na binuo ng isang pangkat na nakatalaga para sa teknikal para matamo ang layunin ng I-710 Proyektong Koridor at maripaso at sang-ayun ng iba’t ibang komite na sangkot sa I 710 Proyektong Koridor sa balangkas ng pakikibahagi ng komunidad. Alternatibo 2 (Transportation Systems Management/Transportation Demand Management [TSM/ TDM]), Transit, Intelligent Transportation Systems [ITS] at Enhanced Goods Movement), Alternatibo 3 (Maximum Goods Movement By Rail/Alternative Technology), at Alternatibo 4 (Daanang Highway at I-710 Congestion Relief Improvements) na isinaalang-alang ngunit binawi para sa higit pang pag-aaral pangkapaligirang bilang nakapagsosolong alternatibo sa panahon ng proseso na umakay sa 2012 Draft EIR/EIS.

Karagdagan pa, Alternatibo 5A (Kasama sa pagpapalapad ng I-710 ang sampung panlahatang linya at ang pagdaragdag ng apat na hiwalay na mga linya para sa bumabayaheng pangkargamento, na may mga nag-iiba-ibang operasyon)


na detalyadong sinuri sa 2012 Draft EIR/EIS. Dahil sa mga update sa pagpapalagay at data ng trapiko, na nagiging resulta ng mas malinaw na pagkaunawa sa pinanggagalingan at destinasyon ng trapiko ng truck sa loob ng area ng proyekto, at ang mahahalagang komentong natanggap mula sa mga ahensya at ang ikinababahala ng publiko sa posibleng epekto ng right-of-way, posibleng epekto sa kalusugan at kalidad ng hangin na nauugnay sa pagdadagdag ng mga daanan na ang gamit ay para sa lahat.

Ang mga alternatibo na sinuri sa kasalukuyang RDEIR/SDEIS ay Alternatibo 1 (Walang Itinayong Alternatibo), Alternatibo 5C (I-710 Pagpapalapad at Pagsasamoderno), Alternatibo 7 (I-710 Pagsasamoderno plus isang Zero-/Near Zero-Emission na Koridor na Pangkargamento). Ang mga elemento ng ilan sa isinaalang-alang na mga alternatibo noong nakaraan ay isinama sa mga Alternatibo 5C at 7.

S.3.3.1 - Alternatibo 1: Alternatibong Walang Pagtatayo



Pananatilihin ng Alternatibo 1 ang kasalukuyang konfigurasyon ng kasalukuyang I 710 Koridor. Walang ginagawang pagpapabuti sa lumalaking kapasidad ng pangunahing linya ng I-710 sa loob ng Pinag-aaralang Lugar. Sa loob ng rehiyon, kadalasan nang ang aprubado at nakaplanong mga proyekto lamang ang kabilang sa SCAG na 2012-2035 Regional Transportation Plan/Sustainable Communities Strategy (RTP/SCS) Future Baseline Scenario at 2011 Federal Transportation Improvement Program (FTIP) ay itinuturing na Alternatibo 1. Naglalaan ang Alternatibo 1 ng saligan ng paghahambing sa 2035 na mga kalagayang walang pagtatayo at sa 2035 mga alternatibong pagtatayo.



S.3.3.2 - Alternatibo 5C: I-710 Pagpapalapad at Modernisasyon

Iminumungkahi ng Alternatibo 5C na palaparin ang pangunahing linya ng I-710 sa pamamagitan ng pagdaragdag ng magkahalang daloy na mga linya (isa sa bawat direksyon) sa pagitan ng I-405 at I-105, at sa pagitan ng I-105 at SR-60. Nagmungkahi din ng mga linya na lampasan ng truck sa I-710 hanggang I-405 na interchange. Gagawing moderno nitong alternatibo ang disenyo sa I-405, SR-91, at I-5 na mga

Alternatibo 5C

Mga Hakbang para sa Kalidad ng Hangin

Pagpapalapad ng I-710



Gawing Makabago ang Disenyo ng I710

Pagpapabuti sa Sistema ng Daanan

TSM/TDM at ITS


Mga Pagpapasulong na Walang Pagtatayo

Nakapokus na mga Pagpapasulong

interchange, gagawing moderno at ikokompigurang muli ang halos lahat ng lokal na mga daanang interchange sa buong I-710 koridor, babaguhin ang pagpunta sa freeway sa iba't ibang mga lokasyon, at ililipat ang sentrong linya ng I-710 ng I-710 sa iba't ibang mga lokasyon para mabawasan ang mga epekto ng karapatang daanan. Karagdagan pa sa mga pagpapabuti sa pangunahing linya ng I-710 ng I-710 at sa mga interchange, kabilang din sa Alternatibo 5C ang mga:

- Ang Zero Emission/Near Zero Emission Truck Technology Deployment Program, na magdudulot ng "malinis na pagbuga" ng mga truck para sa operasyon sa I-710 gayundin sa pagkakarga ng kuryente at mga estasyon na nagkakarga ng hydrogen.
- Ang Community Health and Benefit Program, na magpopondo sa mga proyekto na nakatuon sa pagpapabuti sa kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan sa loob ng Pinag-aaralang Area.
- Ang I-710, TSM/TDM Congestion Relief Program na maglalaan ng pondo para sa pagpapasulong ng signal ng trapiko at pagtutulungan, pangkaligtasang pagpapabuti, mga hakbang sa pagpapahupa ng trapiko, at mga pagpapabuti ng intersection sa sistema ng sanga-sangang kalye sa Pinag-aaralang Area.
- Prohibisyon ng panghinaharap na prohibisyon ng pagsukat ng rampa sa lahat ng lokasyon at pinagbuting karatula ng nagsangang kalye para makapunta sa I-710.



- Mga pagbabawal sa pagparada sa mga oras na abala (7:00 a.m. At 4:00 p.m.–7:00 p.m.) sa apat na daanang kalsada: Atlantic Blvd. sa pagitan ng Pacific Coast Hwy. at SR 60; Cherry Ave./ Garfield Ave. sa pagitan ng Pacific Coast Hwy. at SR 60; Eastern Ave. sa pagitan ng Cherry Ave. At Atlantic Blvd.; at Long Beach Blvd. sa pagitan ng San Antonio Dr. at Firestone Blvd.

- Ang I-710 na Programang Transit ay binubuo ng mga pagpapabuti sa transit tulad ng dumaming serbisyo sa lahat ng mga rutang Metro Rapid at lokal ng mga ruta ng bus sa Pinag-aaralang Area, dumaraming Blue Line at Green Line na serbisyong tren, at dinagdagang mga ruta ng express bus sa loob ng area ng I-710 Koridor.



- Kasama sa pagpapabuti ng ITS ang na-update na komunikasyong fiber-optic para sa pagkonekta ng mga signal ng trapiko sa kahabaan ng mga pangunahing maliliit na kalye para makapagbigay ng tuloy-tuloy, real-time na pag-aangkop sa signal timing para mapabuti ang daloy ng trapiko at mga estratehiya ng esmarteng freeway sa koridor mula sa programang Los Angeles Gateway Freight Technology na maglalabas ng mga unit ng malapitang komunikasyon sa kahabaan ng I-710 para mapamahalaan at makontrol ang trapiko sa real-time na paraan.



Maglalagay ng Karagdagang nababagong mensahe ng mga sign para makapaglaan ng mahalagang impormasyon sa mga motorista.

Ang ilan sa mga nakaprogramang elemento na nakatala sa itaas ay hindi ipapatupad ng Caltrans bilang Nangungunang Ahensya sa ilalim ng CEQA at NEPA at bilang may-ari/nagpapatakbo ng I-710 freeway, sa halip ay ipatutupad ng Metro o ng iba pang mga pampublikong ahensya na may hurisdiksyon sa isang partikular na elemento.

Karagdagan pa sa pagpapabuti ng sistema ng transportasyon na inilarawan sa itaas, kasama din sa Alternatibo 5C ang mga:



Kasama sa I-710 Proyektong Koridor ang matatag na plano sa pagpapaganda ng landscape.

Mga Tampok na Nakikita/Kagandahan: Pagsasaayos ng texture (para sa mga estruktura, mga panggitnang harang, atibp.), pagtatanim, irigasyon, mga pagkakataon para sa pagkakakilanlan ng komunidad, at mga konsepto mula sa I 710 Koridor na Aesthetics Master Plan (2014) ay isasama sa disenyo ng proyekto para mabawasan ang mga nakikitang epekto sa komunidad ng tumaas na antas ng pamproyektong pagpapabuti.

S.3.3.3 - Alternatibo 7: I 710 Modernisasyon Plus Koridor na Pangkargamento (mga Sasakyang Zero/ Near Zero-Emission)

Alternatibo 7




Kasama sa Alternatibo 7 ang lahat ng mga bahagi ng Alternatibo 5C na inilarawan sa taas, pero sa halip na idagdag ang magkahalong daloy sa mga daanan at mga daanang para sa pag-bypass ng truck sa bawat direksyon (may kabuoang apat na daanan, sa isang pinagsamang viaduct at/o pinanatiling estruktura ng pader at karatig na kalsada tungo sa, o sa kalagitnaan ng, freeway) sa

pagitan ng Long Beach at Commerce, karatig ng freeway na, tinatayang 16 na milya ang haba. Ang pangunahing katangiang ito na tinatawag na "Clean-Emission Freight Corridor." Hihigpitan ng alternatibong ito ang paggamit ng koridor na pangkargamento at gagamitin ang zero-emission/ near zero-emission (ZE/NZE) na mga truck sa halip na ang mga truck na karaniwang gumagamit ng diesel. Ang ZE/NZE na mga teknolohiya ng truck ay binubuo ng mga truck na pinatatakbo maliban sa diesel (hal., natural na gas, hydrogen, at/o elektrisidad), sa gayon ay naglalabas ng zero hanggang sa near-zero na buga ng tambutso habang dumadaan sa koridor na pangkargamento; gayunman, walang espesipikong teknolohiya ang



Kabilang din sa Alternatibo 7 ang katangian ng modernong teknolohiya ng lahat ng truck na dumadaan sa koridor na pangkargamento ay magkakaroon ng awtomatikong sistema ng pagkontrol na magpipihit ng manebela, magpepreno, at magpapabilis ng mga truck na kinukontrol ng computer habang naglalakbay sa koridor na pangkargamento. Ito ay magpapangyaring makapaglakbay ang mga truck ng "grupo grupo" (hal., mga grupo ng anim hanggang walong truck) dagdagan ang kapasidad ng koridor na pangkargamento.



Katulad ng Alternatibo 5C, kabilang sa Alternatibo 7 ang karagdagang pagpapaganda, at mga katangian sa kalidad ng paagusan/tubig tulad ng mga sumusunod:

Mga Katangiang Nakikita/Kagandahan: Karagdagan pa sa mga tampok na nakikita/kagandahan na inilarawan sa itaas para sa Alternatibo 5C, ang mga espesipikong pagpapaganda ay lilinangin sa koridor na pangkargamento, kasama ang paggamit ng mga screen wall at pagkukumpuni ng mga semento sa mga estruktura ng koridor na pangkargamento (kabilang na ang mga soundwall).

S.3.3.4 - Mga Pagpipiliang Disenyo

Ang mga pagpipiliang disenyo kapwa sa Alternatibo 5C at 7 ay iminungkahi na may mga pagkakaiba sa mga alternatibo, espesipiko sa hiwalay na mga bahagi ng I-710. Karagdagan pa, may isang opsyon angkop lamang sa Alternatibo 7 na maglalaan pagkakaiba sa operasyon sa koridor na pangkargamento. Ang mga pagpipiliang ito ay lubusang sinuri sa RDEIR/SDEIS at isasaalang-alang sa pagtukoy ng Napiling

Alternatibo para sa proyekto. Ang mga pagpipiliang ito ay ang mga sumusunod:

- **Mga Pagpipiliang Disenyo 1A at 1B** ay angkop kapwa sa Alternatibo 5C (1A) at Alternatibo 7 (1B) at nilayon para mabawasan ang epekto sa mga operasyon ng BNSF sa Hobart intermodal na bakuran ng tren sa Commerce, at ililipat ang highway, daan ng collector-distributor, at pagkakaayos ng rampa para matamo ang layuning ito na walang panghihimasok sa kabila ng right-of-way ng Estado. Gayunman, ang sirkulasyon sa lokal na kalye, pagkakaayos ng highway, at ng mga pangangailangan sa right-of-way ay nagkakaiba-iba sa pagitan ng dalawang alternatibo.
- **Pagpipiliang Disenyo 2A** ay angkop sa Alternatibo 5C at magbabalik ng sirkulasyon sa pagitan ng Shoreline Dr. at Pacific Coast Hwy. sa pamamagitan ng I-710 freeway na may karagdagan dalawang grado mga hiwalay na rampa na madudugtong sa pagitan ng pakanlurang pasukang rampa ng Shoreline Dr. patungo sa I-710 at sa pagitan ng patimog na labasang rampa ng Pacific Coast Hwy. mula sa I-710 at sa pagitan ng patimog na pasukang rampa ng Pacific Coast Hwy. patungo sa I-710 at ang patimog na labasang rampa ng Shoreline Dr. mula sa I-710.
- **Mga Pagpipiliang Disenyo 3A at 3B** ay angkop sa Alternatibo 5C (3A) at Alternatibo 7 (3B) at nilayon para higit pang pagbutihin ang pangkaligtasan at operasyon ng freeway sa pamamagitan pagbabawas ng mga pagkakasalungatan ng kawing. Para matamo ang layunin, ang pagkakaiba ay magkokompigurang muli sa SR-60, I 5 at Olympic Blvd. na mga interchange, at babaguhin ang freeway at sirkulasyon ng lokal na trapiko; gayunman, ang mga pagpipiliang disenyo ay magbabago sa pagitan ng Alternatibo 5C at Alternatibo 7 sa iba't ibang limitasyon ng right-of-way na iyon kakailanganin.
- **Pagpipiliang 7ZE** is applicable only to Alternative 7 and restricts use of that magagamit lamang sa Alternatibo 7 at hihigpitan ang paggamit ng koridor na pangkargamento na para lamang sa mga truck na ZE, hindi kasama ang mga truck na NZE. Operasyonal ang opsyong ito kaya hindi nito kinakatawan ang pagkakaiba ng geometrikong disenyo ng Alternatibo 7.

S.4 - Dokumentong Joint California Environmental Quality Act/National Environmental Policy Act

Ang iminungkahing I 710 Proyektong Koridor ay pinagsamang na proyekto ng Departamento ng Transportasyon ng California (Departamento) at ng (Administrasyon ng Pang-highway ng Pederal) Federal Highway Administration (FHWA), at sasailalim sa mga kahilingan sa pagrepasong pangkapaligiran ng estado at pederal. Sa gayon, ang dokumentasyong pangkapaligiran ay inihanda alinsunod sa (Batas sa Kalidad Pangkapaligiran ng California) California Environmental Quality Act (CEQA) at ng (Pambansang Batas sa Patakarang Pangkapaligiran) National Environmental Policy Act (NEPA). Pananagutan ng FHWA para sa pangkapaligiran pagrepaso, konsultasyon, at alinmang iba pang kailangang aksyon alinsunod sa angkop na mga batas ng pederal para sa proyektong ito na ginagawa, o ginawa ng Caltrans sa ilalim ng pagkuha nito ng pananagutan na ituloy sa 23 United States Code (USC) 327. Ang Caltrans ay ang nangungunang ahensya sa ilalim ng NEPA at CEQA.

Ang ilang epektong natukoy na mahalaga sa ilalim ng CEQA ay maaaring hindi matutukoy na mahalaga sa ilalim ng NEPA. Sapagkat ang NEPA ay nababahala sa kahalagahan ng proyekto sa kabuuan, kadalasan na isang "mas mababang antas" na dokumento ang inihanda para sa NEPA. Isa sa karaniwang nakikitang mga uri ng pinagsamang dokumento ay ang Environmental Impact Report/ Environmental Impact Statement (EIR/EIS).

Noong hunyo 2012 isang Draft EIR/EIS para sa I-710 Proyektong Koridor ang inilabas para ipamahagi sa publiko.

Sa panahon ng pampublikong sirkulasyon (Hunyo 27 hanggang Sityembre 28, 2012), tatlong pampublikong pagdinig ang ginanap, at halos 3,000 indibiduwal na mga komento ang natanggap mula sa mga miyembro ng publiko, mga interesadong grupo, organisasyon, pampublikong ahensya, at nakaluklok na opisyal. Sa iba pang mga isyu, kabilang sa mga komentong iyon ang suporta para sa pangkat ng proyekto na magsasaalang-alang at mag-aanalisa ng iba't ibang alternatibo, kabilang na ang iyon at iyon ding mga hiling ng alternatibo na magdagdag ng apat na daan para sa ZE/NZE na koridor na pangkargamento na may walang pagpapalawak ng mga linyang panlahatang gamit sa I-710 Bilang pagtugon sa mga ikinababahalang na ibinangon sa panahon mga pampublikong pagdinig, at ng mga pagbabago sa pagmomodelo ng transportasyon at ang progreso ng ilang patiuang nakikitang posibleng lokal na mga proyekto, may mga bagong alternatibo ang binuo para sa panukalang RDEIR/SDEIS. Ang mga tugon sa mga komentong natanggap noong 2012 na pampublikong sirkulasyon ay kasama sa Apendise S sa RDEIR/SDEIS.

Sa panahon ng 60-araw ng muling pagpapakalat ng RDEIR/SDEIS magkakaroon ng pagkakataon para sa pampublikong pagrepaso at pagkomento. Pagkatapos na matanggap ang mga komento mula sa publiko at sa mga ahensyang nagrerepaso nitong RDEIR/SDEIS, ang Caltrans ay maaaring gumawa ng karagdagan pagpupulidong pangkapaligiran at/o pang-enhinyero. Isang panghuling EIR/EIS ang magiging available sa publiko. Isang panghuling EIR/EIS ang isasama sa mga tugon sa mga komentong natanggap sa RDEIR/SDEIS at malalaman ang Napiling Alternatibo. Ang panghuling EIR/EIS ay naglalaman din ng mga tugon sa mga komentong natanggap noong 2012 na pagpapabatid sa publiko na isinama din sa Apendise S ng RDEIR/SDEIS na ito. Katulad ng kahilingan sa ilalim ng CEQA, ang mga tugon sa mga komento ng pampublikong ahensya ay magiging available nang hindi bababa sa sampung araw bago aprubahan ng Caltrans ang panghuling EIR. Sa ilalim ng NEPA, ang panghuling EIS ay magiging available para sa pampublikong pagrepaso nang hindi baba sa 30 araw bago aprubahan ang Rekord ng Desisyon. Kasunod ng pagkompleto ng panghuling EIR/EIS, kung ang desisyon ay aprubahan ang I 710 Proyektong Koridor, ang Abiso ng Pasya ay ihahain sa State Clearinghouse bilang pagsunod sa CEQA at ang Rekord ng Desisyon ay ilalathala sa Federal Register bilang pag-alinsunod sa NEPA

S.5 - Mga Kahihinatang Pangkapaligiran

Isusumaryo ng mga sumusunod na seksyon ang dokumentadong mga epekto sa pagsusuri sa kapaligiran na inilaan sa Kabanata 3.0 ng RDEIR/SDEIS. Ang mga pangkapaligiran dedikasyon at hakbang na mabawasan ang pinsala ay nakatala sa bawat seksyon ng paksa sa Kabanata 3.0 at ng Environmental Commitments Record sa Apendise F.

Ang mga epekto ng mga alternatibong pagtatayo sa kapaligiran na inilarawan sa ibaba ay hindi magaganap sa ilalim ng Alternatibo 1 (Alternatibong Walang Pagtatayo). Ang mga pakinabang sa espesipikong proyekto tulad ng bumuting kalidad ng hangin, kakayahang makakilos, at pagiging ligtas ay hindi rin magaganap na may katulad na antas sa ilalim ng Alternatibo 1; gayunman, ang ibang mga proyektong ipinagpatuloy sa kudisyon walang pagtatayo ay magbibigay ng mga pakinabang na kalidad ng hangin at kakayahang makakilos sa paglipas ng panahon.

S.5.1 - Paggamit ng Lupain

S.5.1.1 - Paggamit ng Lupa sa Kasalukuyan at sa Hinaharap

Mga Alternatibong Pagtatayo. Ang mga alternatibong pagtatayo ay magkakaroon ng epekto sa kasalukuyang kalakalan at serbisyo, industriyal, hantad na lugar at libangan, residensyal, transportasyon at mga utility, at mga paggamit sa bakanteng lupa. Kukumbertehin ng Alternatibo 5C ang tinatayang 538 ektaryang lupang ginagamit (Kukumbertehin ng Alternarive 5C, Opsyon 1A ang tinatayang 536 ektarya ng kasalukuyang ginagamit na lupa; Kukumbertehin ng Alternarive 5C, Opsyon 2A ang tinatayang 545 ektarya ng kasalukuyang ginagamit na lupa; kukumbertehin ng Alternarive 5C, Opsyon 3A ang tinatayang 541 ektarya ng kasalukuyang ginagamit na lupa) para gamiting lupa sa transportasyon. Kukumbertehin ng Alternatibo 7 ang tinatayang 748 ektarya na kasalukuyang ginagamit na lupa (Kukumbertehin ng Alternatibo 7, Opsyon 1B ang tinatayang 752 ektarya ng kasalukuyang ginagamit na lupa; at kokombertihin ng Alternarive 7, Opsyon 3B ang tinatayang 751 ektarya ng kasalukuyang ginagamit na lupa) para gamiting lupa para transportasyon. Sa gayon, ang Alternatibo 7 Opsyon 1B ng magdudulot ng malaking epekto sa kasalukuyang mga ginagamit na lupa.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto sa paglago ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.2 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.1.2 - Pagiging Naaayon sa mga Plano ng Estado, Rehiyon, at Lokal

Mga Alternatibong Pagtatayo. Yamang ang paggamit mga alternatibong pagtatayo ay mangangailangan ang SCAG, ang Probinsya ng Los Angeles, at ang ilang iba pang panrehiyon at lokal na mga ahensya na amyendahan ang kanilang mga plano para makita ang mga pagbabago sa I-710 mainline, mga interchange, at mga arterial highway, gayun din ng pagtatanggal ng anumang ginagamit na lupa na maaaring kailangang kunin para sa proyekto, ang iminungkahing mga alternatibong pagtatayo ay karaniwang nang kaayon ng mga planong ito. Kakailanganing amyendahan ng Caltrans ang kasalukuyan nitong mga kasunduan sa freeway sa mga lungsod kung saan ang mga alternatibong pagtatayo ay magdaragdag o magtatanggal ng mga koneksyon sa I-710, SR-91, o I-405. Kailangan ng pag-apruba ng FHWA sa alinmang bagong mga koneksyon sa isang Interstate highway. Dagdag

pa rito, ang mga alternatibong pagtatayo ay naaayon sa limang pangunahing mga tunguhin ng California Coastal Act.

S.5.1.3 - Mga Parke at Pasilid na Panlibangan

Mga Alternatibong Pagtatayo. Ang mga alternatibong pagtatayo ay magdudulot ng mga permanenteng epekto sa mga parke at pasilidad na panlibangan, kasama na ang tuwirang epekto sa Parque Dos Rios (permanenteng paggamit sa 1.68 ektarya sa ilalim ng Alternatibo 5C at ng permanenteng paggamit ng buong 8.6 ektaryang espasyo ng parke na magpapangyaring hindi magagamit ang parke sa ilalim ng Alternatibo 7 at pansamantalang paghupa ng konstruksyon sa ilalim ng dalawang alternatibong ito) at lubusang pagkuha ng Compton Hunting at Fishing Club na mga pasilidad na panlibangan. Karagdagan pa, ang mga alternatibong pagtatayo ay magdudulot ng di-tuwirang epekto sa Parke sa Ilong ng Maywood at Parke ng Coolidge (hindi gaanong nakikitang mga epekto), at sa Parke ng Bandini (kailangan ng permanenteng pagbawas ng sagabal sa ere). Kapwa ang mga alternatibong pagtatayo ay nangangailangan ng paggawa ng mas malapad na tulay at resulta ng pagbawas ng sagabal sa ere sa ibabaw ng DeForest Market Street Basin ng Deforest Treatment at Dominguez Gap Wetlands; at permanente ding isasama ng Alternatibo 7 ang 5.4 ektarya mula sa West Basin ng mga basang lupain. Ang dalawang alternatibong pagtatayong ito ay magkakaroon ng epekto sa Parke ng Cesar E. Chavez sa Lungsod ng Long Beach dahil sa pagsasaayos ng Shoreline Dr., at tinatayang 2.90 ektarya ang permanenteng maaapektuhan; ngunit sa pagsama ng lupa na ginamit nitong nakaraan para sa Shoreline Dr., madaragdagan ang parke ng mga 2.99 ektarya. Pagkatapos ng konstruksyon, magkakaroon ng pakinabang sa publiko dahil sa pinagbuting pagiging madaling mapuntahan ng parke dahil sa pagsasama ng kasalukuyang mga lote ng parke at dahil sa proyekto lalaki ang lote ng parke, ang resulta ay mas nagagamit na parke na may kabuoang 28.38 ektaryang lugar ng parke.



Cesar E. Chavez Park.

Pabubutihin ng mga alternatibong pagtatayo ang panrehiyon at panlokal na mga daanan ng bisikleta dahil sa mga idinagdag na tatlong pedestriyan/pambisikleta lamang na mga tawiran sa ilalim ng dalawang alternatibong pagtatayo, at limang iminungkahing sangan-daan sa ilalim ng Alternatibo 5C. Pagagandahin din ang daan papunta sa Los Angeles River Trail bilang resulta ng ginagawang pagbabago sa mga bukana ng daang-tao sa mga arterial highway na tatawid sa daang-tao.

S.5.2 - Paglago

S.5.2.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Inaasahang matatamo ang pinabuting kakayahang makakilos dahil sa mga alternatibong pagtatayo na magkakaroon sana ng kaunting impluwensya sa pangangailan para sa residensyal at hindi residensyal na paggamit sa mga lungsod at komunidad sa Bahagi ng Rehiyon ng mga Pasukang Lungsod; gayunpaman, hindi inaasahang magiging sapat para sa pangangailangang baguhin ang ginamit na mga Pangkalahatang Plano upang bigyan-daan ang mas malaking antas ng pag-unlad (residensyal at hindi residensyal). Ang I 710 na alternatibong pagtatayo ay inaasahang makakatugon sa kasalukuyan, aprubado, at nakaplanong paglago sa lugar, ngunit hindi inaasahang makaempluwensya sa dami, timing, o lokasyon ng paglago sa lugar. Higit pa, dahil sa kakulangan ng bakante o hindi gaanong nalinang na lupa sa I-710 Koridor, wala sa mga alternatibong pagtatayo ang makapagpapabilis ng bagong pag-unlad sa pamamagitan ng pagbukas ng access sa nakaraang di-nalinang o hindi gaanong nalinang na mga lugar.



Ang isang layunin ng I-710 Proyektong Koridor ay matugunan ang paglago na nauugnay sa paghahatid ng mga produkto. Ang mga proyektong gaya ng bagong Gerald Desmond Bridge ay mga halimbawa ng iba pang nakaplanong proyekto sa I-710 Pinag-aaralang Lugar na tutugon sa paglago na nauugnay sa pagbabahe ng mga produkto.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto sa komunidad ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.3 ng RDEIR/SDEIS.

Ang pangunahing elemento sa layunin ng proyekto ng I 710 Proyektong Koridor ay upang bigyang-pansin ang inaasahang paglago ng populasyon, trabaho, at pang-ekonomiyang mga aktibidad na nauugnay sa pagbabahe ng mga produkto. Ang

paglaki ng kapasidad sa I-710 sa ilalim ng mga alternatibong pagtatayo ay hindi inaasahang makakaempluwensya sa pangangailangan ng paglago sa mga Pantalan ni ng paglago sa pantalan ng kargamento na nangangisiwa sa kapasidad sa mga Pantalan na lumaking lubha ang pangangailangan sa paglalakbay sa I-710. Ito ay dahil sa pagsusuri sa paglago ng pantalan ng kargamento at pagbabahe ng mga container sa pamamagitan ng truck na nagpapakita na ang senaryong mabagal ang paglago na ang resulta ay 11 porsyentong mas kaunting mga byahe ng truck sa pantalan kung ihahambing sa mga senaryong mabilis ang paglago, kahit na ang senaryong mabagal ang paglago ay may 33 porsyentong mas kaunting pangarga na naka-container kung ihahambing sa mga senaryong mabilis ang paglago.



Isang manggagawa sa Pantalan ng Long Beach

S.5.3 - Mga Epekto sa Komunidad

S.5.3.1 - Pagkakaisa at Katangian ng Komunidad

Mga Alternatibong Pagtatayo. Yamang pansamantalang magagambala ang pagkakaisa at katangian ng komunidad dahil sa konstruksyon ng alinman sa alternatibong pagtatayo, ang pagpapabuti ng kakayahang makakilos na inilaan ng I 710 Proyektong Koridor ay makikinabang din halos lahat ng apektadong komunidad dahil sa pinagbuting koneksyon nito sa ibang bahagi ng Pinag-aaralang Lugar (halimbawa, pinagbuting mga koneksyon ng bisikleta at tawiran ng tao sa buong I-710 at Ilog Los Angeles) at sa Subregion sa mga Pasukang Lungsod. Gayunpaman, ang mga epekto sa pagkakaisa ng komunidad ay nagaganap sa lokal na antas sa mga Lungsod ng Long Beach, Bell, at Commerce

dahilan sa relokasyon ng kasalukuyang pagkakaisa ng mga komunidad o mahalagang pasilidad ng komunidad sa ilalim ng Alternatibo 7. Ang pagpapahupa ng mga relokasyon sa loob ng mga komunidad na ito ay ilalaan sa pamamagitan ng implementasyon ng Migration Measure C-1 na inilarawan sa Seksyon 3.3.2.4. Gayunman, bilang resulta ng mga relokasyon ng mga residente sa Lungsod ng Commerce (yaong mga nasa Pamayanan ng Ayers at Sydney at Washington Blvd. At I-710), ang mga negosyo, at/o mahalagang pasilidad ng komunidad sa ilalim ng Alternatibo 7, ang mga lokal na lugar sa loob ng mga Cities of Long Beach, Bell, at Commerce ay makakaranas ng di-magagandang epekto sa pagkakaisa at katangian ng komunidad dahil sa mga relokasong ito

Ang mga serbisyong pangkomunidad sa loob ng Pinag-aaralang Lugar, tulad ng bombero, proteksyon ng pulis, at iba pang mga nagresponde sa emerhensya, ay mas laging handa sa ilalim ng mga alternatibong pagtatayo sapagkat ang kakayahang makilos sa loob ng Pinag-aaralang Lugar ay bubuti pa kaysa kasalukuyang mga kalagayan. Gayunman, hindi kasama ang mga Lungsod ng Long Beach, Bell at Commerce, hindi magdudulot ng malulubhang epekto ang mga alternatibong pagtatayo sa pagkakaisa at katangian ng komunidad.

Binuo ang mga alternatibong pagtatayo sa pamamagitan ng masinsinang proseso ng pagkikipag-ugnayan sa komunidad na nagsasangkot ng opinyon ng iba't ibang pampublikong mga ahensya at mga mamumuhunan para maiwasan ang epekto sa gawang-tao at likas na kapaligiran, kasama na ang mga komunidad sa kasalukuyan at sa hinaharap. Ipinahayag ang mga alalahanin at komento ng komunidad sa pamamagitan ng proseso ng pagdidisenyo at ng mga alternatibong pagtatayo na pinagbuti hangga't posible para mabigyang-pansin ang mga alalahanin ng mga komunidad at mapanatili ang katangian at pagkakaisa nito. Sa gayon, hindi kasama ang inilarawan sa itaas sa ilalim ng Alternatibo 7, ang katangian at pagkakaisa ng halos lahat ng komunidad ay mananatiling buo dahil sa implementasyon ng mga alternatibong pagtatayo.

S.5.3.2 - Mga Relokasyon at Pagtatamo ng ari-Arian

Mga Alternatibong Pagtatayo. Ang mga alternatibong pagtatayo ay magiging sanhi ng paglipat ng mga pag-aaring residensyal at hindi residensyal. Ang mga alternatibong pagtatayo ay hindi magiging sanhi ng relokasyon sa mga lungsod/komunidad ng Boyle Heights, Cudahy, Downey, Lakewood, Maywood, Paramount, Signal Hil, Huntington Park, Wilmington, o San Pedro. Ayon sa Relocation Impact Report (2017), sa loob ng I-710 Proyektong Koridor ng Pinag-aaralang Area, dahil sa Alternatibo 5C magkakaroon ng relokasyon ng kabuoang 158 hindi residensyal at 109 residensyal. Batay sa katamtamang apat katao kada residensyal na yunit, ang Alternatibo 5C (hindi kasama ang mga pagpipiliang disenyo), 5C (Opsyon 1A), at 5C (Opsyon 2A) sa bawat isa ay magiging sanhi ng relokasyon ng tinatayang 436 residente. Ang Alternatibo 5C, Opsyon 1A ay magreresulta ng kabuoang 157 hindi residensyal na relokasyon at 109 residensyal na mga relokasyon. Ang Alternatibo 5C, Opsyon 2A ay magdudulot ng 161 hindi residensyal na mga relokasyon at 109 residensyal na mga relokasyon, at ang Alternatibo 5C, Opsyon 3A ay magdudulot ng 165 hindi residensyal na mga relokasyon at 128 residensyal na mga relokasyon, lahat-lahat tinatayang 512 residensyal ang relokasyon. Lahat-lahat, ang Alternatibo 5C Opsyon 3A ay may epekto sa mas maraming residensyal at di-residensyal na mga lupa.

Ang Alternatibo 7 (hindi kasama ang mga pagpipiliang disenyo) ay magdudulot ng relokasyon ng kabuoang 206 hindi residensyal at relokasyon ng 121 residensyal, na magdudulot ng relokasyon ng tinatayang 484 residente. Ang Alternatibo 7, Opsyon 1B, ay magdudulot ng relokasyon ng kabuoang 206 hindi residensyal at relokasyon ng 136 residensyal, na magdudulot ng relokasyon ng tinatayang 544 residente. Ang Alternatibo 7, Opsyon 3B, ay magdudulot ng relokasyon ng kabuoang 213 hindi residensyal at relokasyon ng 140 residensyal, na magdudulot ng relokasyon ng tinatayang 560 residente.

Para sa karamihan ng nasa Pinag-aaralang Area, ang mga pagkalipat ng residente, batay sa kasalukuyang kalagayan ng merkado, ay nagpapakitang hindi kailangan gumawa ng kapalit na pabahay. Gayunman, ang Pabahay na siyang Huling Solusyon ay maaaring isaalang-alang sa apektadong residensyal na mga ari-arian tulad ng mga mobile home. Halimbawa, limang mobile home sa El Rancho Mobile Home Park sa Lungsod ng Compton ang ipapanukalang ilipat sa ilalim ng dalawang alternatibong pagtatayong ito. Gayunman, walang sapat na relokasong mapagkukunan para sa mga mobile home sa kasalukuyan sa loob ng Pinag-aaralang Area. Mangangahulugan ito ng di-magandang epekto sa mga napalipat na mga residente sa Lungsod ng Compton, (ipagpalagay nang mas gusto nilang manatili sa isang mobile home). Para sa karamihan ng epekto sa residensyal na pag-aari, ipinahihiwatig na may sapat na mapagkukunan sa kasalukuyan para mailipat ang kasalukuyang mga nakatira sa residensyal sa katulad na kapalit na pabahay, hindi kabilang ang binanggit sa naunang pangungusap.



Ang Istasyon ng Bombero No. 4 sa lungsod ng Vernon ay kailangang ilipat ng lugar sa ilalim ng I-710 na mga alternatibong pagtatayo.

Bilang resulta ng mga pagtatamo ng lupain at mga relokasyon, ang mga alternatibong pagtatayo ay maaaring magdulot ng kawalan sa buwis sa pagbebenta at buwis para sa ari-arian sa mga apektadong lungsod sa loob ng Pinag-aaralang Area at gayundin sa Metro at Estado. Ang tunguhin ng Caltrans at Metro ay maganap ang lahat ng relokasyon sa loob ng apektadong mga komunidad, na tutulong para maiwasan ang posibleng kawalan sa buwis sa loob ng mga komunidad na iyon. Binubuod ng Talahanayan S-3 ang relokasyon ng residensyal at hindi residensyal na dulot ng mga alternatibong pagtatayo.

Talahanayan S-3: Mga Relokasyon ayon sa Alternatibong Pagtatayo

Mga Relokasyon ayon sa Alternatibong Pagtatayo				
	Residensyal	Hindi Residensyal	Kabuoang Relokasyon	Kabuoang Nailipat na Residente
Alternatibo 5C	109	158	267	436
Opsyon ng Disenyo 1A	109	157	266	436
Opsyon ng Disenyo 2A	109	161	270	436
Opsyon ng Disenyo 3A	128	165	293	512
Alternatibo 7	121	206	327	484
Opsyon ng Disenyo 1B	136	206	342	544
Opsyon ng Disenyo 3B	140	213	353	560

Pinagkunan: Epic Land Solutions, Inc. Relocation Impact Report March (2017)

S.5.3.3 - Katarungang Pangkapaligiran

Mga Alternatibong Pagtatayo. Sa pangkalahatan, ang I-710 Proyektong Koridor ay may maraming epektong pakinabang sa mga nakapalibot na komunidad at sa mga gumagamit ng I-710 koridor kung ihahambing sa kasalukuyang mga kalagayan, kasama na ang pagbaba sa antas ng ibinubugang usok na nauugnay na panganib sa kalusugan; at sumulong na antas ng serbisyo at pangkaligtasan ng lokal na mga interchange. Dagdag pa rito, ang mga nakaprogramang elemento ng proyekto, tulad ng Community Health Benefit Program, ay lalo nang pakinabang sa katarungang pangkapaligiran sa mga komunidad bagaman ang mga epekto ay hindi masusukat sa panahong ito dahil sa kalikasan ng programa (para makapagbigay ng pondo para sa mga pagpapasulong sa hinaharap at/o mga proyektong nauugnay sa kalusugan depende sa kaso. Gayunman, kahit ang aplikasyon ng mga pakinabang na ito, ang pag-analisa ng hustisyang pangkapaligiran para sa I-710 Proyektong Koridor ay may natukoy na posibleng hindi pantay na di-magagandang epekto sa mga mamamayang minority at mababa ang kita sa Pinag-aaralang Area, pagkatapos isaalang-alang ang pagpapahupa. Ang mga hindi pantay at di-magagandang epektong ito ay natukoy para sa kalidad ng hangin (konstruksyon at operasyon), ingay, trapiko, pagkakaisa ng komunidad na nauugnay sa mga relokasyon, nakikitang pinagkukunan, at paggamit ng lupa.

Dahil sa posibleng di pantay at di-magagandang epekto, higit pang pagpapahupa ang iminungkahi para tulungang maibsan ang mga epektong nauugnay sa proyekto sa hustisyang pangkapaligiran ng komunidad. Ang pagpapahupang ito ay magpopondo sa mga proyekto na magpapabuti sa kalidad ng hangin, pampublikong kalusugan, kagandahan, at iba pang mga isyu na kinakaharap ng hustisyang pangkapaligiran ng mga mamamayan sa koridor.


S.5.4 - Mga Utility at Serbisyon Emerhensya**S.5.4.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo**

Ang mga alternatibong pagtatayo ay hindi magdudulot ng pagdami ng populasyon o pangangailangan ng mga pampublikong serbisyo sa Pinag-aaralang Area sapagkat hindi sila magtatayo ng mga bagong pabahay at negosyo. Ang mga alternatibong pagtatayo ay kapwa may pakinabang at may di-magagandang epekto sa mga naglalaan ng serbisyon proteksyon sa sunog at proteksyon ng tagapagpatupad ng batas sa loob ng Pinag-aaralang Area. Ang mga alternatibong pagtatayo ay magiging sanhi ng relokasyon ng City of Vernon Fire Station No. 4. Kasama sa kapakipakinabang na mga epekto ang pinagbuting mabilis pagresponde sa emergency, dahil sa kakayahang gumalaw ng proteksyon sa sunog, tagapagpatupad ng batas, at mga mapagkukunang serbisyon emergency mula sa isang lugar tungo sa isang lugar at pagagandahin sa pamamagitan ng pinagbuting network ng transportasyon.

Maaapektuhan ng Alternatibo 5C at 7 ang mga cable television, gas, langis, kuryente, paagusan, telepono, at mga linya ng utility ng tubig. Kasama dito ang distribusyon at transmission line na kakailanganing ilipat o ingatan sa lugar nito. Karagdagan pa, ang Alternatibo 5C at 7 ay magiging sanhi ng relokasyon ng mga pasilidad ng transmission ng kuryente at gas na pag-aari at pinatatakbo ng Southern California Edison (SCE), ng Southern California Gas Company (SCGC), ng Los Angeles Department of Water and Power (DWP), at ng iba pa. Kasama sa ilang pamamaraan ng relokasyon ang paglalagay ng underground sa area at proteksyon sa lugar ay isinasalang-alang para sa mga naapektuhang ang utility dahil sa mga alternatibong pagtatayo. Para mabigyang-pansin ang relokasyon ng utility, nagsagawa ang Metro ng detalyadong pag-aaral tungkol sa relokasyon na tutulong upang mapaikli ang panahong kailangan para maipatupad ang mga relokasyong ito.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto sa sirkulasyon ng trapiko ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.4 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.5 - Sirkulasyon ng Trapiko, Pedestriyan, at mga Siklista




2035 Walang Pagtatayo na Antas ng Serbisyo - Abalang Oras sa Umaga

S.5.5.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Sa I 710 mainline, ang trapikong LOS ay karaniwang minamantini o pinabubuti sa umaga, sa tanghali, at sa gabi sa mga oras na matao sa magkabilang direksyon ng I 710 kung ihahambing sa 2035 na mga kondisyong alternatibong pagtatayo (Alternatibo 5C at 7 lahat ng pagpipiliang disenyo) sa 2035 na Alternatibong Walang

Pagtatayo (Alternatibo 1) na mga kondisyon. Bagaman bumubuti ang LOS sa ilalim ng mga alternatibong pagtatayo kung ihahambing sa Alternatibong Walang Pagtatayo, maraming bahagi ng I 710 mainline ay makararanas ng hindi magandang LOS sa 2035 sa ilalim ng Alternatibo 1 sa umaga, sa tanghali, at sa gabi na mga oras na matao kapwa sa mga direksyon pahilaga at patimog dahil sa pagtaas ng dami ng trapiko sanhi ng paglago ng trapiko sa rehiyon.

Magkakaroon ng hindi pagbuti ng kalagayan sa LOS dahil sa mga alternatibong proyektong pagtatayo sa ilang lokasyon. Ilang interseksyon ang inaasahang makararanas ng di magandang kalagayan ng LOS at pagkaantala sa interseksyon sa ilalim ng mga kalgayan ng Alternatibo 1 at na hindi natukoy na mga interseksyong malubhang naapektuhan dahil wala itong mga pagtaas ng pagkaantala sa alternatibong pagtatayo at sa gayon, hindi naapektuhan ng I-710 Proyektong Koridor. Gayunman, ang pagpapatupad ng I-710 Proyektong Koridor ay inaasahang magdudulot ng di-magandang epekto sa 32 interseksyon sa ilalim ng Alternatibo 5C at sa 30 interseksyon sa ilalim ng Alternatibo 7 bago ang pagpapahupa. Ang pagpapahupa sa anyong mga pag-upgrade ng signal ng trapiko at pagpapabuti ng interseksyon ay iminungkahi para sa lahat ngunit sa dalawang naapektuhang mga interseksyon sa ilalim ng Alternatibo 5C at sa lahat ngunit sa apat na naapektuhang interseksyon sa ilalim ng Alternatibo 7. Hindi iminungkahi ang pagpapahupa sa mga lokasyong ito sa dahil sa mga hadlang sa karapatang daanan.



Kasama sa I 710 Proyektong Koridor ang mga pagbabago sa mga arterial interchange na maaaring makaapekto sa mga bangketa at linyang pambisikleta. Ang I 710 Proyektong Koridor ay maglalaan ng mga pasilidad para sa mga bisikleta at pedestriyan sa mga lokasyon kung saan may lokal na kalyeng apektado ng konstruksyon ng mga alternatibong pagtatayo. Dahil mamantinihin o pagbubutihin ang mga pasilidad para sa bisikleta at pedestriyan, ang mga epekto ng I 710 Proyektong Koridor sa dumadaan sa pedestriyan o nagbibisikleta ay hindi gaanong magbabago dahil sa pagpapatupad ng mga alternatibong pagtatayo.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto sa sirkulasyon ng trapiko ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.5 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.6 - Nakikita/Mga Pagpapaganda

S.5.6.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Magkakaroon ng mga pangmatagalang di-magandang epekto sa konstruksyon ng lahat ng mga alternatibong pagtatayo. Ang bahagi ng koridor na pangkargamento ng Alternatibo 7 ay karaniwan nang nagdudulot ng mas higit na nakikitang mga epekto kaysa sa doon sa magaganap sa ilalim ng Alternatibo 5C. Ang ilang katamtamang mataas na mga epekto ay mangangailangan ng mga hakbang ng magpapahupa na tatagal pa ng mahigit limang taon bago umepekto, habang ang ibang bahagi ay nagpapakita ng mas mababang antas ng negatibong mga epekto mula sa katamtaman hanggang neutral/mababa o nakakaranas ng positibong nakikitang epekto. Ang pagdadagdag sa kagandahan ng I-710 Koridor ay ninanais ng mga apektadong komunidad; matatamo ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng I-710 Corridor Aesthetic Master Plan (2015) na titiyak sa hakbang ng pagsasaayos ng kagandahan at tanawin na isasama sa panghuling disesyon ng I-710 Proyektong Koridor. Ang Master Plan ng Koridor ay binuo sa isang nakadepende sa kalagayang proseso ng pagdisenyo sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga apektadong lokal na ahensya at nagsasangkot ng mga miyembro ng lokal nakomunidad gaya ng ipinasya ng lokal na mga ahensya. Pagsasaayos ng texture (para sa mga estruktura, mga panggitnang harang, atibp.), pagtatanim, irigasyon, mga oportunidad para sa pagkakakilanlan ng komunidad, at mga konsepto mula sa I710 Koridor, ang Aesthetics Master Plan (2014) ay isasama sa disenyo ng proyekto para mabawasan ang nakikita at mga epekto sa komunidad ng tumaas na antas ng pagpapabuti ng proyekto.



Ang mga barikadang-ingay ay nakakatulong sa pagbawas ng ingay sa freeway, ngunit lumilikha ito ng epektong nakikita kapag humaharang ito sa tanawin o magiging puntirya ito ng graffiti. Para mapahupa ang mga epektong ito, isang master plan ng landscape ang ihahanda para makapagbigay ng magandang landscape at mga hardscape treatment.

Karagdagan pa sa struktural at pisikal na mga pagbabago na lilikhain ng I-710 Proyektong Koridor, mapapansin ng mga nagmamasid sa Pinag-aaralang Area ang pinaraming ilaw sa gabi mula sa dagdag na ilaw ng trapiko sa mataas na koridor na pangkargamento (sa ilalim ng Alternatibo 7). Inaasahang makakabawas sa pagkasilaw sa lahat ng linya sa pamamagitan ng paglalagay ng mga screen wall at soundwall sa layo ng nagmamasid mula sa ilaw ng trapiko at mga ilaw ng sasakyan.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto sa tanawin ng kapaligiran ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.6 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.7 - Pangkulturang Pinagkukunan

S.5.7.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Maaapektuhan ng mga alternatibong pagtatayo ang apat na makasaysayang pinagmumulan; dalawang bahagi ng UP Railroad, Dale's Donuts, ang Boulder Dam-Los Angeles 287.5 kilovolt (kV) Transmission Line. Ang mga bahagi ng UP Railroad ay nabago na kaya hindi na makadaragdag sa kahalagahan ng UP Railroad. Maaapektuhan ng mga alternatibong pagtatayo ang maliit na seksyon ng lugar ng paradhanan at bangketa sa Dale's Donuts. Ang epekto sa Boulder Dam-Los Angeles 287.5 kV Transmission Line ay hindi makakabawas sa integridad ng linya para sabihing hindi ito kwalipikado para sa National Register of Historic Places (National Register). Kung gayon, batay sa tinalakay sa itaas, ang mga alternatibong pagtatayo ay inaasahang magdudulot ng paghahanap ng No Adverse Effect per 36 Code of Federal Regulations (CFR) 800.5 para sa mga pangkulturang pinagkukunan. Karagdagan pa sa pagsusuri ng makasaysayang mga pinagmumulan, isang Archaeological Sensitivity Study ang isinagawa para mataya kung posibleng makahukay ng arkeolohikal na mga pinagmumulan sa panahon ng konstruksyon ng proyekto. Sumangguni sa Seksyon 3.24.4.7 para sa mga hakbang para mabawasan ang mga epekto sa mga pag-aaring pangkultura at mabigyang pansin ang mga labi ng tao na matutuklasan sa panahon ng konstruksyon ng proyekto.



Isang komprehensibong surbey ang isinagawa sa Pinag-aaralang Lugar para matukoy ang makasaysayang ari-arian sa I-710 Koridor

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto sa tanawin ng kapaligiran ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.7 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.8 - Hydrology at mga Binabahang Lugar

S.5.8.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Ang lahat ng alternatibong pagtatayo ay magdudulot ng pahalang (hal., pabalagbag sa direksyon ng agos) unti-unting pagpasok sa mga lokasyon sa 24 Los Angeles River, walong lokasyon sa Compton Creek, at isang lokasyon sa Rio Hondo Channel sa ilalim ng Alternatibo 5C, at magdudulot ng unti-unting pagpasok sa mga lokasyon sa 34 Los Angeles River, apat na lokasyon sa Compton Creek, at isang lokasyon sa Rio Hondo sa ilalim ng Alternatibo 7. Hindi babaguhin ng mga alternatibong pagtatayo ang kapasidad ng Los Angeles River, Compton Creek, at/o Rio Hondo Channel na magdadala ng tubig at hindi magdudulot ng masusukat na epekto sa 100-taong kataasan ng binabahang lugar. Ang iminungkahing dahan-dahang pagpasok ay hindi magdudulot ng anumang di-magagandang epekto sa natural at kapaki-pakinabang na mga kahalagahan ng binabahang lugar, hindi magdudulot ng malaking pagbabago sa panganib na bahain o pagkasira, at hindi magkakaroon ng malaking posibleng maging sanhi ng pagkaabala o pagkahinto ng mga serbisyong emergency o mga rutang pang emergency. Kaya ang mga alternatibong pagtatayo ay hindi bumubuo ng mahalagang dahan-dahang pagpasok sa binabahang lugar tulad ng tinukoy sa 23 CHR 650.105(Q).



Lahat ng alternatibong pagtatayo ay may pagpapabuti sa sistema ng paagusan ng freeway.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto sa tanawin ng kapaligiran ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.8 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.9 - Kalidad ng Tubig at Umaagos na Tubig-Baha

S.5.9.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Patataasin ng mga Alternatibo 5C at 7 ang pagiging hindi mapapasok ng mga lugar, na magpapataas sa pagdami ng tubig-baha at mga kasama nitong basura. Ang mga Alternatibo 5C at 7 ay mangangailangan ng kapalit o karugtong ng kasalukuyang sistema ng paagusan tulad ng mga pasukan ng kanal sa gitna

at gilid ng kalsada para madaanan ng tumataas na mga daloy mula sa proyekto. Mga epekto sa kalidad ng tubig dahil sa mga umaagos na tubig ay maaaring asahan mula sa dalang iba't ibang sangkap na kadalasang nauugnay sa umaagos mula sa highway. Ang mga posibleng epektong ito ng operasyon ay aasikasuhin sa pamamagitan ng pagsasama ng disenyo at paglinang ng pag-iwas sa polusyon at mahusay na kaugalian sa pamamahala (BMPs), pagtatratong BMPs, at pagsunod sa kinakailangang mga protocol sa pagmamantini ng operasyon na tinukoy sa Caltrans SWMP. Kasama sa potensyal na BMPs ang biofiltration swales, biofiltration strips, infiltration basins, media filters, detension basins, gross solids removal devices, sa mga basang lunas. Kasama sa iminungkahing pagmamantini ng operasyong BMPs ang paglilinis ng tubig-bagyo at pagmamantini ng normal na kalsada at tulay, karagdagan sa pagmamantini ng lahat ng natatanimang mga dalisdis. Lilinisin ng BMPs ang 74 porsyento (sa ilalim ng Alternatibo 5C) at 78.3 porsyento (sa ilalim ng Alternatibo 7) ang mga nasa pinagtatayuan na mga dumadaloy mula sa mga lugar na hindi natatagos ng tubig sa loob ng lugar ng proyekto, na magiging pagsulong sa kasalukuyang kondisyon. Sa gayon, magigin kaunti lang ang permanenteng epekto sa kalidad ng tubig ng tubig sa ilalim ng lupa sa nasasakupan ng I 710 Proyektong Koridor pagkatapos ng makompleto ang konstruksyon sapagkat hindi na magkakaroon ng anumang pagdami ng naihatid na mga basura sa tubig sa ilalim ng lupa sa pamamagitan ng pagpasok sa panahon ng operasyon ng mga bagong istruktura.



Bagaman ang lahat ng alternatibong pagtatayo ay magiging sanhi ng pagdami ng umaagos na tubig sa mga kalsada dahil sa dumaming sinementong bahagi, kabilang sa disenyo ng proyekto ang mga tampok para masagap at madalisay ang umaagos bago ito makapasok sa Ilog ng Los Angeles.

S.5.10 - Heolohiya, Mga Lupa, Panlindol, at Topograpiya

S.5.10.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Ang kalsada, mga istruktura, at iba pang mga katangian ng dalawang alternatibong pagtatayo ay maaaring maapektuhan dahil sa paggalaw ng lupa at pagkalusaw at posibleng pagguho ng lupa (pagbago ng anyo), sa ilang antas. Ang disenyo at konstruksyon ng I 710 Proyektong Koridor ayon sa kasalukuyang highway at mga standard na disenyo ng istruktura, kasama na ang standard na angkop na panlindol, ay magpapababa ng posibleng mga epekto sa mga alternatibong pagtatayo.



Isang tampok na bioswale na pagdadalisay sa umaagos na tubig-ulan.

S.5.11 - Paleontolohiya

S.5.11.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Permanenteng mga epekto ng mga alternatibong pagtatayo sa paleontolohiyang mga pinagmumulan (mga fossil) ay kasama ang pagkasira ng paleontolohiyang mga pinagmumulan, pagpinsala sa mga paleontolohiyang mga pinagmumulan habang nagpapatag ng lupa, nagdudurog ng bato na maaaring naglalaman ng mga paleontolohiyang mga bagay, pagkawala ng contextual data na nauugnay sa paleontolohiyang mga Pinagmumulan, at pagkawala ng mga pagkakaugnay sa pagitan ng mga paleontolohiyang mga pinagmumulan. Gayunman, maaaring ibsan ang mga epekto sa paleontolohiyang mga bagay sa pamamagitan ng pag-monitor at pag-recover ng fossil sa panahon ng konstruksyon.



Ang ilang partikular na lugar sa I-710 Koridor ay may mataas nang pagiging sensitibo sa presensya ng mga fossil. Sa panahon ng pagpapatag sa mga lugar na ito, isasagawa ang pagmonitor para kolektahin ang anumang fossil na mahuhukay sa panahon ng konstruksyon.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor sa kalidad ng tubig, heolohiya at paleontolohiyang pinagmumulan ng lugar, pakitingnan ang Seksyon 3.9-11 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.12 - Mapanganib na Basura/Mga Materyal

S.5.12.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Ang mga panganib ng mapanganib na basura na nauugnay sa mga alternatibong pagtatayo ay nauugnay sa pagtatamo ng mga lupain, konstruksyon at operasyon ng proyekto. Mayroong posibleng mga mapanganib na materyal, kabilang na ang mga produktong petrolyo, na maaaring matagpuan sa Pinag-aaralang Lugar na maaaring magalaw dahil sa ganap o bahagyang pagtatamo nito o dahil sa pansamantalang pagpapahupa ng konstruksyon sa ilalim ng mga alternatibong pagtatayo. Anumang kontaminasyong matatagpuan sa panahon ng konstruksyon o ginagawang paghuhukay para sa mga alternatibong paghuhukay ay pangangasiwaan ng wasto, tatanggalin, reremedyuhan at/o itatapon ayon sa angkop na mga regulasyon. Kung isa sa mga alternatibong pagtatayo ang ipapatupad, ang bawat ari-arian na may alalahaning pangkapaligiran ay kailangang sumailalim sa pagsusuri para masuri kung anong partikular na

sanhi ng kontaminasyon sa lupa at/o tubig sa ilalim ng lupa, at isang plano ng pagreremedyo sa mapanganib na basura na espesipiko sa pinagtatayuan na iyon ang bubuo para sa angkop na pagtatanggal at pagtatapon ng mga materyal na ito. Kung kailangan, magpapatupad ng paglilinis ng pinagtatayuan at ng anumang kasunod na pagsubaybay para tiyaking naremedyuhan na ang kontaminasyon sa ilalim ng regulasyong pamantayan. Ang operasyon at pagmamantini ng mga pasilidad na ipinanukala bilang bahagi ng mga alternatibong pagtatayo ay hindi maghahatid ng bagong pinagmumulan ng mga nakalalasang materyal/ basura. Ang mga gawaing rutinang pagmamantini ay kailangan para masunod ang mga angkop na alituntunin may kinalaman sa pangangasiwa at pagtatapon ng posibleng mga nakalalasang materyal. Ang mga sasakyang dumadaan sa pangunahing linya ng I-710 ay patuloy na nagdadala ng mga nakalalasang substansya na maaaring matapon at makaapekto sa daanan, sa karatig na mga propyedad, o mga pinagmumulan. Gayunman, ang layunin ng I 710 Proyektong Koridor ay ang pasulungin ang pantrapikong kaligtasan, na maaaring makabawas sa mga aksidente sa trapiko na maaaring maging sanhi ng pagkatapon ng mapanganib na basura. Ang implementasyon ng mga alternatibong pagtatayo ay magiging sanhi ng malalaki at permanenteng di-magagandang epekto na nauugnay sa mga nakalalasang materyal at basura.



Kabilang sa Pinag-aaralang Lugar ang maraming ari-arian tulad ng mga parang ng langis, industriyal na lugar, at mga gasolinahan kung saan malamang na makatagpo ng mga mapanganib na basura. Upang mapahupa ang epektong ito, ang anumang kontaminasyon sa lupa at tubig sa ilalim ng lupa ay lilinisin bago simulan ang konstruksyon sa mga lugar na ito.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa mga alalahanin sa mapanganib na basura/materyal sa area , pakitingnan ang Seksyon 3.12 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.13 - Kalidad ng Hangin

S.5.13.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo


Naglalaan ang Talahanayan S-4 ng listahan ng mga nakakapagparumi sa hangin, mga pinagmumulan nito, at ng di-magagandang epekto nito, na sinuri sa pagsusuri ng kalidad ng hangin sa I-710.

Talahanayan S-4: Buod ng mga Nagpaparumi sa Hangin

Mga Pulosyon	Mga Pinagmumulan:	Mga Pangunahing Epekto
Ozone (O3)	<ul style="list-style-type: none"> Reaksyon sa atmospera ng mga organikong gas na may nitrigen oxides sa ilalim ng sikat ng araw. 	<ul style="list-style-type: none"> Paglala ng mga sakit sa baga at puso. Pangangati ng mga mata. Paghina sa gawain ng puso at baga. Pagkapinsala sa halaman.
Nitrogen Dioxide (NO2)	<ul style="list-style-type: none"> Ibinubuga ng sasakyan. Mataas-ang-temperaturang stationary combustion. Mga reaksiyon sa atmospera. 	<ul style="list-style-type: none"> Paglala ng mga sakit sa palahingahan. Panlalabo ng paningin. Mabagal na paglago ng pananim. Pamumuo ng asidong ulan.
Carbon Monoxide (CO)	<ul style="list-style-type: none"> Produktong nagmumula sa hindi gaanong nasunog na fuel at iba pang substansyang naglalaman ng carbon, tulad ng ibinubuga ng makina. Natural na mga kaganapan, tulad ng pagkaagnas ng organikong bagay. 	<ul style="list-style-type: none"> Hindi tumatagal sa ehersisyo. Paghina ng paggana ng utak. Kapansanan sa paglaki ng sanggol sa sinapupunan. Pagkamatay dahil sa tagal ng pagkahantad. Paglala ng ilang karamdaman sa puso (angina).
Nakalutang na Particulate Matter (PM2.5 and PM10)	<ul style="list-style-type: none"> Nakapirmi na combustion ng mga solid fuel. Mga aktibidad sa konstruksyon. Mga industriyal na proseso. Mga reaksiyon ng kemikal sa atmospera. 	<ul style="list-style-type: none"> Paghina ng gawain ng baga. Paglala ng mga epekto ng polusyong gas. Paglala ng mga sakit sa palahingahan, baga at puso. Pagdalas ng pag-ubo at di maginhawang dibdib. Pagdumi ng paligid. Panlalabo ng paningin.
Maliliit na sangkap	<ul style="list-style-type: none"> Nagaganap kapwa sa pabrika at sa kalikasan. Ibinubuga ng behikulo. Mga reaksiyon ng combustion. Usok. 	<ul style="list-style-type: none"> Ang mga napakaliliit na sangkap ay naiipon sa baga kung saan may kakayahan itong makapasok sa himaymay, o tuwirang mapunta sa daluyan ng dugo. Kasama sa pagkahantad sa napakaliliit na sangkap ang maaaring pagkakasakit sa baga at iba pang mga epekto sa sistema.
Sulfur Dioxide (SO2)	<ul style="list-style-type: none"> Pagsunog ng mga fossil fuel na naglalaman ng sulfur. Pagkuha ng metal na may sulfur mula sa bato. Mga industriyal na proseso. 	<ul style="list-style-type: none"> Paglala ng karamdaman sa palahingahan (hika, empaysema). Paghina ng gawain ng baga. Pangangati ng mga mata. Panlalabo ng paningin. Pagkapinsala sa pananim. Magkasira ng mga metal, tela, balat, mga kalopkop, mga balot, atbp.
Mobile Source Air Toxics (MSAT)	<ul style="list-style-type: none"> Ibinubuga ng sasakyan. Kasama na ang acetaldehyde, acrolein, benzene, 1,3-butadiene, diesel particulate matter (DPM), at formaldehyde. 	<ul style="list-style-type: none"> Mataas na panganib na magka-cancer, sakit sa utak at kakayahang magkaanak, sakit sa dugo, depekto sa panganganak, developmental na pagkasira, pagkasira ng kidney at atay, at sakit sa palahingahan.
Greenhouse Gases (GHG)	<ul style="list-style-type: none"> Pagsunog ng fuel. Kasama na ang carbon dioxide (CO2), methane (CH4), and nitrous oxide (N2O). 	<ul style="list-style-type: none"> Global climate change (GCC). Mga pagbabago sa katangian ng panahon na nagaganap sa buong Daigdig, kabilang ang temperatura, pabago-bagong hihip ng hangin, presipitasyon, at mga bagyo.


S.5.13.2 - Area ng Pinag-Aaralang Proyekto

Kung isasaalang-alang ang sukat ng I-710 Proyektong Koridor at ang epekto nito sa rehiyon, ang mga epekto ng paunti-unting ibinubuga ng sasakyan (likha ng trapiko) ay tinaya para sa Lunas, isang Area of Interest (AOI) o bahaging rehiyon ng Lunas kasama rito ang mga lungsod at komunidad sa kahabaan ng I-710 freeway at ng I-710 freeway mismo (tingnan ang Figure S-1). Para sa Air/Quality/High Risk Assessment (AQ/HRA) na tinatawag na dispersion modeling analysis, ang American Meteorological Society/Environmental Protection Agency Regulatory Model (AERMOD) na dispersion model at isang coarse receptor grid ang ginamit para matiyak ang epekto nito sa lugar ng mga pagbuga ng usok na nanggagaling sa mismong I-710 freeway. Ang paggawa ng modelo ng lugar na apektado ay karaniwan nang ang sukat ay I-710 Pinag-aaralang Area (tingnan ang Figure S 1) at mas maliit kaysa sa AOI.



Isang komprehensibong Pagtaya sa Kalidad ng Hangin/Greenhouse Gas/ Panganib sa Kalusugang Pagtaya (AQ/GHG/HRA) ang isinagawa para pag-aralan ang mga epekto ng mga alternatibong pagtatayo.

Figure S-1 I-710 Proyektong Koridor RDEIR/SDEIS



S.5.13.3 - Kalidad ng Hangin/Buod ng Paghahambing sa Pagtaya ng Panganib sa Kalusugan ng mga Alternatibo (Air Quality/Health Risk Assessment Summary Comparison)

Ginamit ang iba't ibang panukat sa pagtaya sa epekto ng kalidad ng hangin at mga panganib sa kalusugan ng mga alternatibong proyekto. Hindi maaaring, at hindi dapat, gamitin ang iisang panukat para sa pagsuri ng buong epekto ng alinmang alternatibong pagtatayo. Ang mga resulta ng iba't ibang pagsusuri ay dapat na sama-samang isaalang-alang para makapagbigay ng mas ganap at mas komprehensibong pagkaunawa sa proyektong alternatibo sa epekto ng kalidad ng hangin at panganib sa kalusugan. Dapat pansinin na ang partikular na mga pakinabang ng I-710 Proyektong Koridor na mga alternatibong pagtatayo ay hindi magaganap sa ilalim ng Alternatibo 1 kundi ang ibang mga proyekto ay nagpatuloy sa kalagayang walang pagtatayo na maglalaan ng kakayahang makakilos at kalidad ng hangin na mga pakinabang. Ang paunti-unting pagbuga ng usok ng nasa saligan ng pollutant ay kinalakula para sa bawat criteria na pollutant at para sa area ng pinag-aaralang proyekto (ang Lunas, ang I-710 Pinag-aaralang AOI at I-710 kabilang ang koridor na pangkargamento sa ilalim ng Alternatibo 7) at kompara sa 2012 na kasalukuyang mga kondisyon at Alternatibo 1 (2035 Walang Pagtatayo). Sa sumaryo, ipinakikita ng pagsusuri na:

- **Mga Epekto ng Inilalabas ng Panrehiyong Trapiko:** Maliban sa saligang PM10, ang lason sa hangin na ibinubuga ng tambutso ay karaniwan nang mas mababa (kung minsan mga 90 porsyento ang kababaan) sa 2035 na mga alternatibo kung ihahambing sa 2012 Baseline na mga pagbuga. Ang may pinakamalaking pagbaba ay sa Lunas at sa I 710 Pinag-aaralang AOI. Ang may pinakamaliit na pagbaba ay sa kahabaan ng I-710 freeway.
 - Lubhang napakababa ng mga lason sa hangin (95 porsyento o higit pa) sa lahat ng 2035 na mga alternatibong pagtatayo kung ihahambing sa 2012. Bagaman ang karamihan sa pagbaba ay nagmumula sa paglipat sa mga truck na diesel na nakakatugon sa pinakabagong mga pamantayan ng EPA, mga ZE/NZE truck ang higit na nakabawas sa panganib na magka-cancer dahil sa mga alternatibong pagtatayo.
 - Bawat isa sa mga alternatibo ng 2035 ay magiging dahilan ng mas mababang nitrogen oxide (NOX), carbon monoxide (CO), PM2.5 at volatile organic compound (VOC) na mga ibinubuga sa lahat ng pinag-aaralang area kung ihahambing sa inilalabas ng 2012 Baseline; tanging PM10 at sulfur dioxide (sa ilalim ng Alternatibo 7 lamang) ang may pagtaas para sa 2035 na mga alternatibong pagtatayo.
 - Bawat isa sa 2035 na mga alternatibong pagtatayo ay magiging sanhi ng mas mababang NOx emissions, kung ihahambing sa 2035 na Alternatibong Walang Pagtatayo, para sa lahat ng mga pinag-aaralang area. Anng PM10, PM2.5, CO, at SO2 ay tataas, na may pinakamalaking pagtaas na magaganap sa ilalim ng Alternatibo 7. Ang lahat ng pagtaas ay mas mababa nang 190 lbs kada araw para sa buong 19-milyong haba ng proyekto sa ilalim ng Alternatibo 5C o mas mababa nang 640 lbs kada araw sa ilalim ng Alternatibo 7.
- **Mga ibinubugang PM10 at PM2.5:** Sa pangkalahatan ang pagbaba sa pagbuga ng PM2.5 sa lahat ng 2035 alternatibo ng kung ihahambing sa 2012 Baseline ito ay mas malaki kaysa sa kauoan ng pagtaas sa pagkapudpod ng gulong, preno, at mga alikabok ibinubuga mula sa kalsada. Bilang resulta sa kabuoang mga pagbuga ng PM2.5 ay nagpapakita ng pagbaba sa ng 2035 mga alternatibo ng kung ihahambing sa 2012 Baseline para sa lahat ng mga pinag-aaralang area sa I-710 Proyektong Koridor. Sa kaso ng mga pagbuga ng PM10,

ang pagdami ng alikabok ng kalsada, pagkapudpod ng gulong at preno (na tuwirang sanhi ng milya-milyang paglalakbay ng sasakyan) nalampasan pa nang higit sa ibinaba ng pagbuga ng PM10. Kung gayon, mayroong pagtaas sa kabuoang pagbuga ng PM10 para sa lahat ng 2035 alternatibo ng kung ihahambing sa 2012 Baseline.

- **Mga Epekto sa mga nasa Malapit sa I-710 Freeway:** Ang 2035 mga alternatibong pagtatayo ng ay nagpapakita ng pagtaas ng epekto sa malapit sa daan ng 24-oras PM10 para sa ilang receptor na matatagpuan sa kahabaan ng I-710 freeway kung ihahambing sa 2035 Walang Pagtatayo. Ang bilang ng naapektuhang mga receptor ay mas malaki sa Alternatibo 7 kung ihahambing sa 5C dahil sa pagtaas ng trapiko sa kahabaan ng koridor. Ipinapakita ng 2035 mga alternatibong pagtatayo ng pagtatayo na walang pagbabago sa bahagyang pagbaba sa malapit sa kalsada ng panandaliang mga epekto ng PM2.5 kung ihahambing sa 2035 Walang Pagtatayo sa lahat ng nagawan ng modelong mga receptor para sa 2035 Alternatibo 5C at halos lahat ng may modelong mga receptor para sa 2035 Alternatibo 7.
- **Pagbabawas ng Greenhouse Gases (GHG):** Lahat ng alternatibo, kung ihahambing sa 2012 Baseline, kabilang na ang Alternatibong Walang Pagtatayo, ay magpapababa sa inilalabas na GHG ng trapiko sa rehiyon nang tinatayang 13,000,000 metric na tonelada ng CO₂e kada taon (25 porsyento mula 2012 na mga antas). Kung ihahambing sa mga kalagayang Walang Pagtatayo, ang mga pagbuga ng GHG sa rehiyon ay mananatiling pareho ng sa Alternatibo 5C at 7.
 - Kung ihahambing sa 2035 Alternatibong Walang Pagtatayo, patataasin ng Alternatibo 5C ang mga ibinubugang GHG sa rehiyon ng tinatayang 16,000 metric na tonelada ng CO₂e kada taon at patataasin ng Alternatibo 7 ang mga ibinubugang GHG sa rehiyon ng mga 26,000 metric tonelada ng CO₂e kada taon.. Ito ay mas mababa nang 0.1 porsyentong pagtaas kung ihahambing sa Alternatibong Walang Pagtatayo. Pabababain ng 7ZE ang mga pagbuga ng GHG sa rehiyon ng 3 porsyento kung ihahambing sa Alternatibong Walang Pagtatayo. Para sa 2012 Baseline, ang 2035 Walang Pagtatayo, ang 2035 Alternatibo 5C, ang 2035 Alternatibo 7 at 2035 Alternatibo 7ZE lamang, mga pagbuga ng GHG ay 52.61, 39.68, 39.69, 39.70 at 38.38 milyong metric na tonelada ng CO₂e kada taon, ng magkakasunod.
- **PM2.5 Dami ng Namamatay/Napipinsala at mga Napakaliit na Sangkap:**
 - Isang espesyal na pagsusuri sa kalidad sa I-710 Proyektong Koridor ang isinagawa para sa PM2.5 mortality/morbidity at UFPs, gamit ang kabuoang PM2.5 at mga epekto ng pagbuga ng PM2.5, ng magkakasunod.
 - Ang pagkahantad ng mga tao sa I-710 sa (maliliit na sangkap) particulate matter (Pm)-na nauugnay sa pagkakasakit at pagkamatay dahil sa panganib sa kalusugan ay dapat na bumaba kung ihahambing sa 2012 Baseline sa lahat ng bahagi ng I-710 Pinag-aaralang AOI hindi kasama ang ilang lugar malapit sa kalsada (partikular na sa Alternatibo 7), tulad ng makikita sa Kalidad ng Hangin/Mga Mapa ng Pagtaya ng Panganib sa Kalusugan (Mga Figure 4-6 at 19-24 sa Apendise Q), ng RDEIR/SDEIS.
 - Ang pagkahantad ng publiko sa UFPs ay dapat na bumaba sa lahat ng 2035 mga alternatibong pagtatayo kompara sa 2012 Baseline at 2035 Alternatibong Walang Pagtatayo, kahit sa malapit sa I-710 freeway at koridor na pangkargamento.

Pangrehiyon at Pamproyektong Antas ng Pag-alinsunod sa Federal Clean Air Act:

- Ang buong saklaw ng I-710 Proyektong Koridor ay kasalukuyang wala sa 2016 RTP/SCS at 2017 FTIP at ang dalawang ito ay natukoy bilang plano at programa, magkasunod, na umaalinsunod sa Federal Clean Air Act, gaya ng inamyendahan. Kapwa ang RTP at FTIP ay aamyendahan para maging kaayon ng napiling alternatibo bago ang pag-apruba ng Panghuling EIR/EIS. Ang proyektong antas ng pag-alinsunod sa Federal Clean Air Act ay panghuling pagpapasyahan sa pamamagitan ng pagsusuri sa dami ng PM na isasagawa sa oras na matukoy na ang napiling alternatibo na kasunod ng pampublikong pagrepaso nitong RDEIR/SDEIS.


Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto sa kalidad ng hangin ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.13 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.14 - Ingay

S.5.14.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Ang mga resulta sa paggawa ng modelo ng ingay ng trapiko para sa mga alternatibong pagtatayo kung ihahambing sa nahulaang disenyo ng antas ng ingay ng trapiko sa proyekto sa kasalukuyang kundisyon at sa disenyong mga kalagayang walang pagtatayo. Ang paghahambing sa kasalukuyang mga kalagayan ay isinama sa pagsusuri para malaman ang mga epekto ng ingay ng trapiko sa ilalim ng 23 CFR 772. Ang paghahambing sa panghinaharap na kalagayang walang pagtatayo ay nagpapakitang ang pagtaas ng ingay ng trapiko ay resulta ng proyekto. Ang epekto ng ingay ng trapiko ay hinulaang magaganap sa buong I-710 Koridor, karagdagan pa sa mga lugar na may lampas na sa batayan sa pagpapababa ng ingay ng Pederal. Sa ilalim ng Alternatibo 5C 121 Kategoriya B na sensitibong mga receptor sa paggamit ng lupain ay sumasailalim sa A/E (Approaches/Exceeds o Aabot/Lalampas) at/o SNI (Substantial Noise Increase o Malubhang Palakas ng Ingay) na mga epekto. Sa ilalim ng Alternatibo 7 139 Kategoriya B na mga receptor ay sumasailalim sa A/E at/o SNI na mga epekto. Ang mga pader na pang-ingay ay iminungkhi sa buong panahon ng proyekto para sa lahat ng kategoriya ng sensitibong paggamit ng lupain kabilang na ang mga lugar na residensyal, mga paaralan, at parke.

Ang mga ingay na nagmumula sa sahig ng lupa at pangnginig ay kadalasang nauugnay sa mga sasakyang pampasahero at mga truck na dumadaan sa mga kalsada na may hindi magandang kalagayan tulad ng mga butas, baranda, mga expansion joint, o iba pang mga hindi ipinagpatuloy sa ibabaw ng daan. Dahil ang mga alternatibong pagtatayo ay maglalaan ng bagong asfaltong daan, hindi magkakaroon ng mga hindi naipagpatuloy sa kalsada na lumilikha ng pangnginig o tuwiran o di-tuwirang epekto mula sa mga trapiko ng sasakyan sa I-710.



Iminungkahing mga lokasyon ng barikadang-ingay sa kahabaan ng I-710

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto ang ingay sa Pinag-aaralang Lugar ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.14 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.15 - Enerhiya

S.5.15.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Kompara sa 2012 kasalukuyang mga kondisyon:

- Ang konsumo ng enerhiya sa operasyon ng 2035 Walang Pagtatayo (Alternatibo 1) ay bababa nang 29 porsyento
- Ang konsumo ng enerhiya sa operasyon ng 2035 Alternatibo 5C ay bababa nang 35 porsyento
- Ang konsumo ng enerhiya sa operasyon ng 2035 Alternatibo 7 ay bababa nang 41 porsyento

Kung ihahambing sa 2035 mga kundisyong walang pagtatayo (Alternatibo 1):

- Ang konsumo ng enerhiya sa operasyon ng 2035 Alternatibo 5C ay bababa nang 8 porsyento
- Ang konsumo ng enerhiya sa operasyon ng 2035 Alternatibo 7 ay bababa nang 17 porsyento



Ang mga pagpapabuti ng Alternatibo 5C at 7 ay magpapataas sa katamtamang bilis ng paglalakbay kapag mga oras na matao, tinatanggal ang mga nagsisikip na lugar, at binabawasan ang mga pagkaantala. Gayunman, ang (mga milyang nilakbay ng sasakyan) vehicle miles traveled (VMT) sa I-710 Proyektong Koridor na Pinag-aaralang Lugar ay tataas din kung ihahambing sa alinmang alternatibong pagtatayo kasama ng 2035 kalagayang Walang Pagtatayo (Alternatibo 1). Kasama sa Alternatibo 7 ang Clean-Emission Freight Corridor na magagamit lamang ng mga heavy-duty truck na zero emission/near-zero emission (ZE/NZE).

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto ang ingay sa Pinag-aaralang Lugar ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.15 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.16 - Mga Pangkalikasang Komunidad

S.5.16.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Ang mga tuwiran at di-tuwirang permanteng epekto sa mga pangkalikasang komunidad ay mas malaki sa ilalim ng Alternatibo 7 kaysa sa ilalim ng Alternatibo 5C. May kabuoang 11.23 ektaryang mga tuwiran at di-tuwirang permanteng epekto sa tirahan ng estuarine at mga tiraha ng riparian/riverine na magaganap sa ilalim ng Alternatibo 7 at ang Alternatibo 5C ay may permanente at tuwirang epekto sa 2.13 ektaryang mga tirahang ito. Karagdagan pa, permanente at di-tuwirang maaapektuhan ng Alternatibo 7 ang 42.36 ektaryang tirahan ng estuarine at riparian/riverine, habang permanenteng at di-tuwirang maaapektuhan ng Alternatibo 5C ang 36.67 ektaryang mga tirahang ito. Ang mga posibleng epektong hydraulic ay nauugnay sa mga pagbabago ng tulay. Gayunman, katulad ng nasuri sa Seksyon 3.8 nitong RDEIR/SDEIS ang ipinanukalang mga pagbabago ay tutulad sa kasalukuyang mga kompigurasyon ng pantalan pasalong at paayon sa agos, at hindi magkakaroon ng malalaking epekto sa pagtaas ng tubig, bilis ng pag-agos ng baha, buhangin, o paglampaso sa kapaligiran ng bagong pantalan. Dahil walang malalaking epekto sa lugar na mga binabago, hindi magkakaroon ng malalaking epekto sa lokasyong pababang agos, kabilang na ang tirahan ng estuarine.



Ang I-710 Proyektong Koridor ay ididiseno para umangkop sa Master Plan ng Ilog Los Angeles

Dahil ang I 710 Koridor ay may paghihigpit sa kilusang buhay-ilang na nagiging sanhi ng pagkakabaha-bahagi ng tirahan sa maraming taon, wala sa mga alternatibong pagtatayo ang inaasahang magkakaroon ng di-magandang epekto sa kilusang buhay-ilang. Gayunman, ang Alternatibo 7 ay magkakaroon ng mas malaking epekto sa pagkakabaha-bahagi sa koridor/tirahan ng buhay-ilang kaysa sa Alternatibo 5C dahil sa mas malaking sakop ang koridor na pangkargamento na nauugnay sa Alternatibo 7.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto ang ingay sa Pinag-aaralang Lugar ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.16-19 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.17 - Mga Basang Lupain at Iba pang Tubig ng U.S.

S.5.17.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Sa pangkalahatan, magiging sanhi ang Alternatibo 7 ng mas malalaking epekto sa mga tubig na may hurisdiksyon kaysa sa Alternatibo 5C. Batay sa impormasyon na kasalukuyang makukuha, ang pinakamasamang kasong senaryo ng epekto na nauugnay sa Alternatibo 5C ay ang inaasahang posibleng magiging sanhi ng tuwiran at permanenteng epekto sa tinatayang 1.74 ektarya at, di tuwiran at permanenteng mga epekto sa tinatayang 26.13 ektarya ng United States Army Corps of Engineers (USACE) na mga area na may hurisdiksyon. Karagdagan pa, inaasahang ang Alternatibo 5C ay malamang na magiging sanhi ng tuwirang permanenteng mga epekto sa tinatayang 2.13 ektarya at di-tuwirang permanenteng mga epekto sa tinatayang 36.51 ektarya ng California Department of Fish and Wildlife (CDFW) na mga area na may hurisdiksyon. Karagdagan pa, inaasahang ang Alternatibo 5C ay malamang na magiging sanhi ng tuwirang permanenteng mga epekto sa tinatayang 1.74 ektarya at di-tuwirang permanenteng mga epekto sa tinatayang 26.29 ektarya ng Regional Water Quality Control Board (RWQCB) na mga area na may hurisdiksyon.

Ang pinakamasamang kaso ng epektong senaryo na nauugnay sa Alternatibo 7 ay inaasahang magiging sanhi ng tuwiran at permanenteng epekto sa tinatayang 1.54 ektarya at, di tuwiran at permanenteng mga epekto sa tinatayang 28.56 ektarya ng (USACE) na mga area na may hurisdiksyon. Karagdagan pa, inaasahang ang Alternatibo 7 ay malamang na magiging sanhi ng tuwirang permanenteng mga epekto sa tinatayang 1.96 ektarya at di tuwirang permanenteng mga epekto sa tinatayang 42.20 ektarya ng (CDFW) na mga area na may hurisdiksyon. Karagdagan pa, inaasahang ang Alternatibo 7 ay malamang na magiging sanhi ng tuwirang permanenteng mga epekto sa tinatayang 10.80 ektarya at di-tuwirang permanenteng mga epekto sa tinatayang 28.72 ektarya ng RWQCB na mga area na may hurisdiksyon.

S.5.18 - Mga Uri ng Halaman

S.5.18.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Isa sa mga sensitibong uri ng halaman (southern tarplant) ang natuklasan sa Pinag-aaralang Area. Ang Alternatibo 5C ay magiging sanhi ng tuwirang permanenteng mga epekto sa dalawang populasyon ng southern tarplant, habang ang Alternatibo 7 naman ay magiging sanhi ng tuwirang permanenteng mga epekto sa lahat ng tatlong populasyon ng southern tarplant, kabilang na ang pinakamalaking populasyon na nasa malapit sa Rosecrans Ave. Gayundin, ang Alternatibo 5C at 7 ay magiging sanhi ng di-tuwirang mga epekto sa southern tarplant dahil sa lilim.



Ang southern tarplant ay isa sa mga sensitibong uri ng halaman sa pinag-aaralang lugar.

S.5.19 - Mga Uri ng Hayop

S.5.19.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Ang permanenteng mga epekto ay magiging pareho sa lahat ng mga alternatibong pagtatayo sa lokasyon kung saan may mga humahapon na kuwago sa dalawang magkahiwalay na lugar noong Oktubre at Disyembre 2009. May indibiduwal na humahapon na kuwago ang naobserbahan din sa lokasyong ito noong Disyembre 7, 2015. Wala nang iba pang natagpuang humahapon na mga kuwago ang habang nagsu-servey noong 2009 o 2015. Kasunod ng pagpupulido ng mga alternatibong proyekto simula noong 2009, sa lugar kung saan naobserbahan ang humahapon na mga indibiduwal na kuwago ay nasa labas na ngayon ng BSA; kaya wala nang tuwirang epektong magaganap sa area na ito kung saan nakumpirmang may humahapon na kuwago.

Ang mga permanenteng epekto ay magiging pareho sa lahat ng alternatibong pagtatayo, yamang karamihan ng mga istruktura ng pabahay o posibleng pabahay para sa mga paniki, kabilang na ang maraming tulay at mga istruktura ng imburnal kung saan may mga humahapon na mga paniki na naobserbahan (kabilang ang mga uri ng paniki na may espesyal na katayuan) at/o sinyales ng humahapong mga paniki na naobserbahan habang isinasagawa ang survey noong 2009 at 2015 ang mga ito maaapektuhan ng lahat ng alternatibo. Gayunman, may ilang kapansin-pansing mga pagkakaiba sa pagitan ng mga alternatibo. Bagaman ang sakop ng proyekto ng Alternatibo 7 ay mas malaki kaysa sa Alternatibo 5C, ang Alternatibo 5C ay makakaapekto sa ilang istruktura na malamang na ginagamit ng mga paniki para hapunan na hindi bahagi ng sakop ng proyekto ng Alternatibo 7, kabilang ang SR-91 na nasa taas ng Compton Creek, Artesia Blvd. nasa taas ng Compton Creek, culvert ng Compton Channel na nasa ilalim ng Artesia Blvd., SR-91 Santa Fe Ave. Sa ilalim na sangandaan, na SR-91 Alameda St. ilalim na sangandaan, Slauson Ave. tulay sa ibabaw ng Los Angeles River, I-710 3rd St. ibabaw na sangandaan, at mga istrukturang nauugnay sa SR-60/I-710 interchange. Maaapektuhan ng Alternatibo 7 ang isang istrukturang hindi bahagi ng sakop ng proyekto ng Alternatibo 5C. Ang istrukturang ito, na tulay na riles ng tren sa ibabaw ng West Basin ng Dominguez Gap Wetlands, ay may katamtaman hanggang mataas na posibleng ginagamit ng mga paniki para paghapunan.

Hindi inaasahang maaapektuhan ng mga alternatibong pagtatayo ang anumang iba pang uri ng hayop na may espesyal na katayuan dahil sa mga hakbang sa pag-iwas at pagpapababa na inilarawan sa Seksyon 3.19.4: gayunman, inaasahan na ang proyekto ay mayroong permanenteng di tuwiran at pansamantalang mga epekto sa mga uri ng hayop dahil sa pagkawala ng kanilang potensyal na tirahan. Walang kritikal na tirahan para sa alinmang uri ng hayop na may espesyal na katayuan sa loob ng BSA; gayunman, walang kritikal na tirahan ng maaapektuhan ng iminungkahing proyekto. Lahat ng mga uring ito ng hayop ay may mababa hanggang katamtamang regular na posiblad na kaganapan, at malawak ang distribusyon, at hindi nakarekord sa Estado o Pederal bilang nanganganib o papaubos na. Ang mga bagong istruktura o malalaking pagbabago sa kasalukuyang istrukturang tulay ay maaaring maging sanhi ng mga manaka-nakang pagbangga ng ibon. Ang posibleng mga pagbangga ng ibon sa sasakyan ay hindi masukat ngunit kinikilala bilang posibleng di-magandang epekto. Ang hakbang na pag-iwas at pagpapababa na inilarawan sa Seksyon 3.19.4 ay inaasahang lulutas sa isyung ito. Ang mga permanenteng epekto sa iba pang hindi nakarekord na uri ng hayop na may espesyal na katayuan ay maaring mangyari sa

anyong tuwirang pagdami ng namamatay, pagkawala ng tirahan, at pagkakawatak-watak ng tirahan.

Kasama sa mga alternatibong pagtatayo ang pagtatabi ng mga mga buhangin na dala ng mga alo na tubig sa buong Los Angeles River sa 7th St., Anaheim St., Pacific Coast Hwy, at sangandaan ng Hill St. Ang ingay na nililikha habang hinahakot ang tambak ay maaaring maging sanhi ng hydroacoustic na epekto sa mga uri ng hayop sa nasasakupan tulad ng inilarawan sa Seksyon 3.24.3.19.

S.5.20 - Nanganganib at Papaubos nang mga Uri ng Hayop/Halaman

S.5.20.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Bagaman walang naobserbahang berdeng pawikan sa BSA, anumang berdeng pawikan na bibisita sa lugar sa mga bukana ng ng Ilog Los Angeles ay maaaring di-tuwirang maaapektuhan ng mga pagbabago sa kalidad ng tubig na nagmumula sa hulo ng ilog. Gayunman, dahil sa pagpapatupad ng mga hakbang sa pag-iwas at pagbabawas na binalangkas sa Seksyon 3.16 na mga Pangkalikasang Komunidad, walang kapansin-pansing mangyayaring mga pagbabago sa kondisyon ng tubig. Mayroong "maaaring makaapekto pero malamang na hindi makaapekto nang masama" inaasahang pagpapasyang gagawin kung tungkol sa berdeng pawikan. Kaayong ng USFWS ang hihilingin pagkatapos na matiyak ang napiling alternatibo bago kompletuhin ang Panghuling EIR/EIS.

Sa katulad na paraan, ang California least tern ay maaaring maapektuhan sa di-tuwirang paraan dahil sa mga pagbabagong nililikha ng proyekto sa kalidad ng tubig. Karagdagan pa, ang bagong disenyo ng tulay ay maaaring maging sanhi ng paminsan-minsang pagsalpok ng ibon. Gayunman, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang sa pag-iwas at pagbabawas na binalangkas sa Seksyon 3.16 Mga Pangkalikasang Komunidad at 3.19 Mga Uri ng Hayop, walang kapansin-pansing mangyayaring mga pagbabago sa kondisyon ng tubig. May "maaaring makaapekto pero malamang na hindi makaapekto ng masama" pagpapasya ang inaasahan kung tungkol sa California least tern. Ang kasunduan kasama ng USFWS ay hihilingin pagkatapos na matiyak ang napiling alternatibo bago kompletuhin ang Panghuling EIR/EIS.

Ang nakatira sa baybaying-dagat ng western snowy plover ay maaaring maapektuhan sa di-tuwirang paraan dahil sa mga pagbabagong nililikha ng proyekto sa kalidad ng tubig. Ang gayong mga pagbabago ay nagsasangkot ng tumaas na antas ng polusyon, tumaas na pagkalabo ng tubig, o mga epekto sa mga hayop na walang gulugod nanginginain sa lugar na iyo. Ang bagong disenyo ng tulay ay maaaring maging sanhi ng paminsan-minsang pagsalpok ng ibon. Gayunman, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang sa pag-iwas at pagbabawas na binalangkas sa Seksyon 3.16 na Mga Pangkalikasang Komunidad at 3.19, na Mga Uri ng Hayop, walang kapansin-pansing mga pagbabago sa kondisyon ng tubig ang mangyayari. Isang "maaaring makaapekto pero malamang na hindi makaapekto ng masama" pagpapasya ang inaasahan kung tungkol sa mga nakatira sa baybay-dagat ng western snowy plover. Ang kasunduan kasama ng USFWS ay hihilingin pagkatapos na matiyak ang napiling alternatibo bago ang pagkompleto ng Panghuling EIR/EIS.

Ang lahat ng alternatibong pagtatayo ay may kasamang daan patungong pantalan/suportang istruktura sa apat na tulay sa loob ng ibabang bahagi ng Los Angeles River na maaaring makaapekto

sa mga California sea lion. Ang mga ingay na likha habang hinahakot ang tambak ay maaaring maging sanhi ng pinsala sa mga California sea lion sa loob ng karatig ng BSA kung saan may tirahan ng estuarine. Sa sandaling makompleto na ang konstruksyon ng tulay at pagtatabi ng tambak, ang mga tulay na nauugnay sa proyekto ay hindi makakasagabal sa pagdaan ng mga sea lion ng California sa kanal. Ang konstruksyon at pagpapalapad ng apat na tulay sa ibabang bahagi ng Los Angeles River ay hindi magpapabago sa pagdaan ng mga California sea lion sa kanal.

Kasama sa mga alternatibong pagtatayo ang pagtatabi ng mga tambak ng mga buhangin na inaalon na tubig sa buong Los Angeles River sa 7th St., Anaheim St., Pacific Coast Hwy, at sangandaan ng Hill St. Tulad ng tinalakay sa Seksyon 3.24.3.19 ang pwersang tunog na nililikha kapag naghahakot ng tambak ay maaaring maging sanhi ng pinsahala at/o pagkamatay ng isda, mga pawikan, mga mamalyang pangtubig (kabilang na ang uri ng hayop na protektado sa ilalim ng Federal Endangered Species Act, ng Magnuson-Stevens Fishery Conservation and Management Act, at ng Marine Mammal Protection Act) Gayunman, sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na utility, maaaring gawing pagbabago ng hakot kada araw, at mga pamamaraang dahan-dahan (kung kinakailangan), ang paghahakot ng tambak para sa mga tulay ay maaaring makompleto sa itinakdang limitasyon ng ingay ng Technical Guidance for Assessment and Mitigation of the Hydroacoustic Effects of Pile Driving on Fish (Caltrans 2015).

S.5.21 - Mabilis Magparaming Mga Uri ng Hayop/Halaman


S.5.21.1 - Mga Alternatibong Pagtatayo

Ang konstruksyon ng I 710 Proyektong Koridor ay may posibleng magpakalat ng mabilis magparaming mga uri ng hayop/halaman sa pamamagitan ng pagpasok sa kasalukuyang utility konstruksyon na nakontamina ng mga mabilis magparaming mga uri ng hayop/halaman, ang pagsama ng mga sa hinalong binhi at mulch, at ang di-tamang pagtanggap at pagtatapon ng mabilis magparaming mga uri ng hayop/halaman na nagiging sanhi ng pagkalat ng similya nito sa highway. Ang posibleng pagkalat ng *Caulerpa taxifolia* (isang damong dagat na nagmula sa ibang lugar) habang may konstruksyon at/o operasyon ng pasilidad ay hindi inaasahan sa pagkat walang naobserbahang mabilis magparaming uri ng mga hayop/halaman sa BSA sa panahon ng pangangalap ng impormasyon ng Estuarine Resources Environmental Assessment. Gayunman, ang mga hakbang sa pag-iwas ay kailangang gawin para mapigilan ang pagkalat ng mga uri ng hayop/halamang ito alinsunod sa National Marine Fisheries Service Control Protocol. Ang epektong nauugnay sa Alternatibo 7 ay mas matindi kaysa sa mga epektong nauugnay sa Alternatibo 5C dahil sa mas malaking lugar ng pagkagambala ang nauugnay sa koridor na pangkargamento.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto ang ingay sa Pinag-aaralang Lugar ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.20 at 3.21 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.22 - Dumaraming mga Epekto

Ang naiipong mga epekto (tuwiran at di-tuwiran) ay natukoy sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga epekto ng I 710 Proyektong Koridor at ng iba pang kasalukuyan, o iminungkahing mga gagawin sa lugar para itatag kung, sa kabuoan, ang mga ito ay magiging sanhi ng parami nang paraming mga epekto sa kapaligiran. Isinama sa pagsusuri ang repaso ng isinamang plano at kaugnay na proyekto na maaaring isama sa I-710 Proyektong Koridor, kung mayroon bang parami nang paraming di-magandang epekto sa sensitibong pinagmumulan sa Pinag-aaralang Lugar at sa Los Angeles County. Ang makatwirang nakikitang mga pagkilos na ginamit sa pagsusuri ng unti-unting mga epekto ay ibinatay sa impormasyong inilaan ng mga Lungsod ng Bell, Garderns, Carson, Commerce, Compton, Cudahy, Downey, Parke ng Huntington, Lakewood, Long Beach, Los Angeles, Lynwood, Maywood, Paramount, Signal Hill, South Gate, at Vernon, na natukoy at inaprobahang nakabinbin na iminungkahaing pagpapasulong sa kalapit na lugar ng Pinag-aaralang Lugar. Ang indibiduwal na (Pinagkukunang nga mga Pinag-aaralang Lugar) Resource Study Areas (RSA) kinilala para sa paksang pangkapaligiran ay ginamit para matiyak kung aling iminungkahing pagpapasulong ang isinaalang-alang na masasabing malapit sa I-710 Proyektong Koridor para maitala sa Seksyon 3.25 Cumulative Analysis.



Ang pag-analisa sa naiipong epekto ang susuri sa mga epekto ng mga alternatibong pagtatayo ng I-710 kasama ng iba pang malalaking proyekto sa Pinag-aaralang Lugar, tulad ng pagpapalapad ng mga terminal sa pantalan.

Ang file na ito ay sinuri at inihambing sa mga file na iniingatan ng Estado ng California, Opisina ng Planning ang Research. Ang impormasyon sa mga proyektong transportasyon sa hinaharap ay inilaan ng Caltrans, SCAG, Metro, at Mga Pasukang Lungsod COG. Karagdagan pa, ang POLA at POLB na kinilalang mga proyekto ng pagpapabuti ng pantalan ay dapat isaalang-alang sa pagsusuri sa naiipong mga epekto.

Ang mga alternatibong pagtatayo, kapag isinama sa iba pang dumaraming mga proyekto, ay nag-aambag sa naiipong paggamit ng lupain, pagkakaisa at katangian ng komunidad, trapiko (apat na interseksyon ay mananating apektado), nakikita, kalidad ng hangin (nakapokus lamang na mga dumaraming epekto sa malapit sa koridor), ingay, tirahang latian at pampang ng ilog at mga uri ng hayop na nauugnay sa mga tirahang ito, populasyon ng southern tarplant, berdeng pawikan at California least tern (naiipon), at mga epekto ng reloksyon. Ang mga alternatibong pagtatayo ay makapagdadagdag ng naiipong di-magandang epekto na nauugnay sa pinagkukunang pang-agrikultura, paglago, heolohiya at lupa, mapanganib na basura, hydrology at kalidad ng tubig, pinagkukunan ng mineral, pinagkukunang pangkultura, pinagkukunang paleontology, enerhiya, mga pangkalikasang komunidad, mga basang lupain, mabilis magparaming mga uri ng hayop/halaman, populasyon at pabahay, mga serbisyong pampubliko, panlibangan, o utility at mga sistema ng serbisyo.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto ang ingay sa Pinag-aaralang Lugar ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang Seksyon 3.25 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.23 - Seksyon 4(F) mga Ari-arian

Mga posibleng epekto ng mga alternatibong pagtatayo sa mga pampublikong parke at mga pasilidad na panlibangan na magpapangyaring maging kwalipikado para sa proteksyon sa ilalim ng Seksyon 4(f) ng 1966 U.S. Department of Transportation Act, kasama dito ang mga:

- Parque Dos Rios
- Cesar E. Chavez Park at Drake/Chavez Greenbelt
- Bandini Park/Batres Community Center
- Los Angeles River at Rio Hondo Trails
- Dominguez Gap at DeForest Treatment Wetlands

Sa Parke ng Cesar E. Chavez at Drake/Chavez Greenbelt, mangyayari ang permanenteng paggamit ng lupain sa ilalim ng dalawang alternatibo; gayunman, ang pagsasama at paglilipat ng Shoreline Dr. Koridor ay magdudulot ng mas malaki, mas nagagamit na parke sa Parke ng Cesar E. Chavez. Karagdagan pa, ang pansamantalang pagsara sa daan para mapuntahan ng publiko ang mga bahagi ng Parke ng Cesar E. Chavez ay magaganap sa ilalim ng dalawang Alternatibo. Sa Parke ng Bandini, ang Alternatibo 5C at Alternatibo 7 ay may kasamang itinaas na istrukturang dadaan sa ibabaw ng hilaga-kanlurang kanto ng Parke ng Bandini kaya kailangang hawanin ang ere. Ang dalawang alternatibong pagtatayong ito ay mangangailangan

ng pansamantalang pagpapahupa sa konstruksyon (TCEs) at madudulot ng pansamantalang pagsara sa Parke ng Bandini habang may konstruksyon. Kapwa ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng panandalian, pansamantalang pagsara ng Ilog Los Angeles at mga Landas sa Rio Hondo sa panahon ng konstruksyon. Sa panghuli, sa Dominguez Gap at De Forest Treatment Wetlands, ang mga Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng pinalawak na paghawan ng ere. Kakailanganin din ng Alternatibo 7 ng permanenteng pagsama ng ilang lupain ng West Basin ng DeForest Treatment Wetlands. Ang dalawang alternatibong pagtatayong ito ay nangangailangan ng TCEs, at ang Alternatibo 7 ay nangangailangan ng pansamantalang pagtanggap ng mga bahagi ng West Basin sa Dominguez Gap at DeForest Treatment Wetlands sa panahon ng konstruksyon.



Ang mga parke ay pinaglaanan ng espesyal na proteksyon sa ilalim ng Seksyon 4(f) ng 1966 U.S. Department of Transportation Act.

Para sa Parque Dos Rios, kakailanganin ang permanenteng paggamit ng lupain sa ilalim ng mga Alternatibo 5C at 7 gayun din ng TCEs para sa dalawang alternatibong. Magiging sanhi ang Alternatibo 5C ng permanenteng pagsama ng 1.68 ektaryang lupain mula sa Parque Dos Rios sa pasilidad ng transportasyon. Magdudulot ang Alternatibo 7 ng permanenteng pagsama ng 3.21 ektaryang lupain mula sa Parque Dos Rios at sa pasilidad ng transportasyon. Gayunman, ang natirang kapisang lupa sa labas ng sakop ng alternatibo ay magkakaroon ng limitadong gamit/pagiging napupuntahan. Kung gayon, ang Alternatibo 7 ay magdudulot ng permanenteng paggamit ng buong 8.6-ektaryang parke, at lubhang maaapektuhan ng Alternatibo 7 ang mga aktibidad, tampok, at katangian ng 4(f) na pinagmumulan.

Magdudulot ang mga alternatibong pagtatayo ng pagbawas sa paggamit ng apat na parke/mga lugar para sa libangan, Parke ng Cesar E. Chavez at Drake/Chavez Greenbelt, Parke ng Bandini/Batres Community Center, ng Ilog Los Angeles at mga Landas sa Rio Hondo, at ng Dominguez Gap at DeForest Treatment Wetlands; at ng tatlong makasaysayang lugar, ng Union Pacific Railroad Rail Lines, Boulder Dam-Los Angeles Transmission Lines, at Dale's Donuts.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano nakakaapekto ang mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor sa mga ari-arian sa Seksyon 4(f) sa Pinag-aaralang Lugar, pakitingnan ang Apendise B ng RDEIR/SDEIS.

S.5.24 - Mga Epekto ng Konstruksyon

Ang pangunahing mga natuklasang epekto ng konstruksyon ng mga alternatibong pagtatayo ay ang mga sumusunod:

Paggamit ng Lupain: Ang konstruksyon ng mga alternatibong pagtatayo ng I 710 ay pansamanatalang makakaapekto sa paggamit ng kalapit na lupain at ng pagkagambala sa lokal na trapiko at daan papunta sa mga residensyal at negosyo; magpapataas ng pagsikip ng trapiko; at paglakas ng ingay, panginig, at pagdami ng alikabok. Karagdagan pa, ang konstruksyon ng mga alternatibong pagtatayo ay magdudulot ng pansamantalang mga epekto sa daan papunta sa mga lugar ng pedestriyan at mga siklista patungo sa pangrehiyon at panlokal na mga landas at daanan ng bisikleta (kabilang na ang Landas sa Ilog Los Angeles), panandaliang pagsara ng mga bahagi ng daanan ng bisikleta sa nasasakupan ng bago at/o binagong mga interchange.



Ang konstruksyon ng alinman sa mga alternatibong pagtatayo ay isang malaking gawain. Ipinakikita ng larawang ito ang katulad na proyekto ng pagpapalapad ng freeway sa I-5 sa Orange County.

Mga Parke at Panlibangan: Kakailanganin ng Alternatibo 5C ng 0.26 ektarya ng gawing kanluran ng Parque Dos Rios para sa TCE sa panahon ng konstruksyon ng proyekto; gayunman walang kakailanganing mga TCE sa ilalim ng Alternatibo 7 sa Parque ng Dos Rios. Sa panahon ng konstruksyon ng Alternatibo 5C at Alternatibo 7 tinatayang 21.9 ektarya ng Cesar E. Chavez Park ang kakailanganin para sa TCE). Kabilang sa TCE area ang detour na kalsada ng 0.41 ektarya na papatagin para pansamantalang magamit habang pinapatag ang Broadway. Ang mga bahagi ng Cesar E. Chavez ay maaaring pansamantalang isara para hindi mapuntahan ng publiko para mapangalagaan ang kaligtasan ng mga gumagamit ng parke at mga manggagawa sa konstruksyon ng proyekto. Sa panahon ng konstruksyon ng Alternatibo 5C at 7, tinatayang 0.11 ektaryang lupain sa kahabaan ng kanlurang bahagi ng Bandini Park/Batres Community Center ang kakailanganin sa TCE at pansamantalang isasara ang mga bahagi ng parke, magaganap ito sa panahon ng konstruksyon para maprotektahan ang kaligtasan ng mga bumibisita sa parke at mga manggagawa sa konstruksyon ng proyekto. Kailangan ng Alternatibo 5C at Alternatibo 7 na panandalian, pansamantalang isara ang mga bahagi ng Los Angeles River at Rio Hondo Trails, at magaganap pagsara ng ilang pansamantalang landas na sangandaan sa I-710 at lokal na mga kalye sa panahon ng konstruksyon ay magaganap.

Pagkakaisa at Katangian ng Komunidad: Ang konstruksyon ng mga pagpapabuti para sa mga alternatibong pagtatayo ay inaasahang magdudulot ng pandaliang pagkagambala sa daan papunta sa mga nauugnay sa konstruksyon, kaya magdudulot ng pandaliang epekto sa pagkakaisa at katangian ng komunidad. Isang Transportation Management Plan (TMP) ang ipapatupad sa panahon ng konstruksyon ng I 710 Proyektong Koridor sa paraang matipid at napapanahon na may maliit lamang paggambala sa mga bumabiyang publiko. Karagdagan pa, may malilikhang trabahong sa konstruksyon ng proyekto.

Katarungang Pangkapaligiran: Pansamanatalang maaapektuhan ng gawaing pagtatayo ang katarungang pangkapaligiran ng mga nakatira roon. Gayunman, ang gawaing pagtatayo ay magbibigay ng mga trabaho, kung saan makikinabang ang mga lokal na ekonomiya kabilang dito ang minority at mga naninirahang mababa ang kita.



Ang mga alternatibong pagtatayo ay magdudulot ng maraming konstruksyon at mga trabahong nauugnay sa konstruksyon.

Mga Utility at Serbisyong Emergency: Ang gawain sa konstruksyon na nangangailangan magpasara ng daanan at rampa ay maaaring magdulot ng pagkaantala sa trapiko na makakaapekto sa kakayahan ng mga naglalaan ng serbisyo tulad ng bombero, pulis, at emergency, na magawa nila ang tunguhing mabilis na pagtugon sa loob ng Pinag-aaralang Area. Sa ilalim ng mga alternatibong pagtatayo, ang mga paglipat ng utility ay magaganap bago simulan ang konstruksyon ng proyekto. Para sa mga utility na kailangang maingatan sa lugar na iyon, ang pamantayang mga hakbang sa konstruksyon, tulad ng pagkontak sa Underground Service Alert, ay gagamitin para maiwasang maapektuhan ang mga utility at maiwasang maabala ang kanilang serbisyo.

Sirkulasyon ng Trapiko, mga Pedestriyan, at Siklista: Sa panahon ng konstruksyon, pansamantalang maaapektuhan ng I 710 Proyektong Koridor ang sirkulasyon ng trapiko dahil sa paglipat ng daanan na naging resulta dahil sa pansamantalang pagsara ng lokal na mga kalsada, banketa at mga daanan ng bisikleta, freeway lane at rampa. Ipatatupad ang TMP para maasikaso ang mga pagbabago sa daloy ng trapiko, pedestriyan at sirkulasyon ng bisikleta. Maglalaan din ng mga hakbang para mabawasan ang di-magagandang epekto ng mga konstruksyong gawain sa daloy ng trapiko at sa dumadaan sa pedestriyan at bisikleta sa loob ng Pinag-aaralang Area. Karagdagan pa, magdudulot ng pansamantalang mga epekto ang konstruksyon ng mga alternatibong pagtatayo sa daan papunta sa mga lugar ng pedestriyan at mga siklista patungo sa pangrehiyon at panlokal na mga landas at daanan ng bike (kabilang na ang Los Angeles River at Rio Hondo Trails), at panandaliang pagsara ng mga bahagi ng daanan ng bisikleta sa nasasakupan ng bago at/o binagong mga interchange.

Nakikita/Mga Pagpapaganda: Makikita ng mga sensitibong nagmamasid ang panandaliang nakikitang epekto sa ilalim ng mga alternatibong pagtatayo sa panahon ng konstruksyon at kasama na ang tanawin ng pag-demolish ng mga kasalukuyang ng istruktura, pagtanggap ng kasalukuyang mga pananim, at pagpatag ng dalisdis, konstruksyon ng pagpapalapad at mga istruktura ng I 710, mga sasakyang pangkonstruksyon, at mga area na pagsisimulan ng konstruksyon. Pansamantala lang ang mga konstruksyong gawain, at ang mga di-magandang epektong nakikita dahil sa gawaing ito at hihinto din pagkatapos makompleto ang konstruksyon. Ang epekto ng pagtanggap ng mga pananim ay unti-unti ding bubuti sa paglipas ng panahon habang gumugulang ang landscaping sa I 710 Proyektong Koridor.



Ang aktibidad sa konstruksyon ay magdudulot ng iba't ibang panandaliang mga epekto, lalo na sa kalidad ng hangin, ingay, at epektong nakikita. Isang masinsinang programa ng mga hakbang sa pagpapahupa sa konstruksyon ang ipapatupad sa alinmang alternatibong pagtatayo.

Mga Pangkulturang Pinagkukunan: Mayroong posibleng tuwirang epekto sa nakabaong pangkulturang pinagkukunan na magaganap sa panahon ng konstruksyon. Gayunman, lahat ng epekto sa nakabaong pangkulturang pinagkukunan ay itinuturing na mga permanenteng epekto. Kaya naman, ang mga pansamantalang epekto ay hindi angkop sa pangkulturang mga pag-aari.

Hydrology/Binabahang Lugar: Ang equipment na pangkonstruksyon ay patatakbuhi sa loob ng Los Angeles River at Compton Creek 100-taong binabahang lugar sa panahon ng konstruksyon ng tulay at mga pagpapasulong na tinalakay sa itaas sa ilalim ng Mga Permanenteng Epekto. Pagkatapos ng mga gawaing ito sa loob ng 100-taong binabahang lugar, ang mga nagambalang area ay babalik sa kasalukuyan nitong kalagayan.

Kalidad ng Tubig: Ang mga aksidenteng pagkatapon ng produktong basura na nalikha sa panahon ng konstruksyon ay pangunahing alalahanin. Ang iba pang alalahanin, tulad ng paggalaw ng lupa at pagguho ng mga gilid ng kanal; pagdaloy ng tubig patungo sa lugar ng konstruksyon; paggalaw ng buhangin sa pinakasahing ng kanal dahil sa konstruksyon sa itaas at sa karatig na anyong tubig; muling paglutang ng mga pinong buhangin; at pagkawala at pagkasayang ng tubig sa ilalim ng lupa ay posibleng mga isyu sa panahon ng mga alternatibong pagtatayo. Gayunman, kahilingan sa mga hakbang ng pamantayan ng konstruksyon ang pag-ipon at pagdalisay ng lahat ng umaagos mula sa area ng konstruksyon. Ang posibleng pansamantalang epekto sa kalidad ng tubig ay mas matindi sa ilalim ng Alternatibo 7 dahil mas higit ang iminungkahing pagpapabuti sa ilalim ng mga alternatibong ito at mas maraming paggalawng lupa sa area at maraming trabaho sa loob at kalapit na anyong tubig sa loob ng area ng proyekto.

Heolohiya, Mga Lupa, Panlindol, at Topograpiya: Ang mga konstruksyong gawain na nauugnay sa mga alternatibong pagtatayo ay malamang pansamantalang makauga ng lupa sa labas ng pasilidad, pero nasa loob ng karapatang daanan ng proyekto, pangunahin na sa trample zone sa paligid ng lugar ng konstruksyon, lugar ng trapiko ng heavy equipment, at lugar na pinaglalagyan ng mga materyal. Kasama sa mga pansamantalang epekto ang pagkasiksik ng lupa at pagdami ng posibleng pagguho ng lupa.

Paleontolohiya: Mayroong posibleng mga tuwirang epekto sa nakabaong mga paleontolohiyang pinagkukunan na magaganap sa panahon ng konstruksyon. Gayunman, lahat ng epekto sa nakabaong paleontolohiyang pag-aari ay itinuturing na mga permanenteng epekto. Kaya naman, ang mga pansamantalang epekto ay hindi angkop sa mga paleontolohiyang mga pinagkukunan.

Mapanganib na Basura: Ang Alternatibo 7 ay magkakaroon ng mas malaking posibleng pansamantalang epekto ng mapanganib na basura bago at sa panahon ng konstruksyon kaysa sa Alternatibo 5C dahil sa mas malaking sakop ng koridor na pangkargamento ang nauugnay sa Alternatibo 7. Batay sa mga nakitang rekord ng pagsasaliksik at ng mga pangangalap ng impormasyon sa pinagtatayuan, ang tumaas na konsentrasyon ng aerially deposited lead (ADL); asbestos-containing materials (ACMs); polychlorinated biphenyls (PCBs), at/o lead-based paint (LBP); tumaas na konsentrasyon ng mga metal tulad ng tingga ay maaaring makita sa panahon ng paghuhukay at konstruksyong gawain sa lahat ng alternatibong pagtatayo. Ang pagkakontamina ay maaaring maranasan sa panahon ng konstruksyon at

paghuhukay sa mga ari-ariang iyon na nangangailangan ng karagdang pag-ayos; maaaring di-inaasahang makatagpo ng tirang kontaminasyon sa panahon ng konstruksyon at paghuhukay sa mga ari-ariang iyon na nakatanggap ng utos na isara mula sa ahensyang kumukontrol; maaari ding di-inaasahang makatagpo ng mga basurang materyal sa panahon ng konstruksyon at paghuhukay sa mga pag-aari na ginagamit bilang tapunan ng basura. Karagdang pa, maaari ding di-inaasahang makatagpo ng kontaminadong tubig mula sa ilalim ng lupa sa panahon ng konstruksyon.



Ang aktibidad sa konstruksyon ay lilikha ng mapanganib na basura na itatapon sa isang angkop na pasilidad tapunan.

Kalidad ng Hangin/Mga Greenhouse Gas: Sa panahon ng konstruksyon, maaaring mangyari ang panandaliang pagbaba ng kalidad ng hangin dahil sa inilalabas na mga particulate emission (alikalabok sa hangin) na idinudulot ng paghuhukay, pagpapatag, paghahakot, at iba pang aktibidad na may kinalaman sa konstruksyon. Inaasahan din ang mga pagbuga mula sa equipment ng konstruksyon kasama dito ang CO, NOX, VOCs, SOX, PM10, PM2.5, mga nakakakontaminang lason sa hangin tulad ng DPM, at mga GHG. Ang tatlumpong taong unti-unting nabayarang taunang katamtamangkonstruksyon ng GHG ay kinalulang tinatayang 4,700 o 7,500 metric tonelada kada taon ng CO2e para sa magkasunod na Alternatibo 5C at 7. Bagaman hindi ginamit ng Caltrans ang saligan ng Kahalagahan ng SCAQMD, kapagipinalagay ang posibleng pinakamasamang senaryo (hal., magkakasabay na konstruksyon sa lahat ng seksyon ng freeway), saligan ng pinakamaraming araw-araw na mga pagbuga ng polusyon sa hangin ay tinataya para sa Alternatibo 5C at 7 ay mababa sa SCAQMD thresholds para sa lahat ng mga nagpaparumi sa hangin maliban sa oxide ng sulfur (SOX). Para sa saisang seksyon ng freeway, ang saligan s araw-araw na pinakamaraming inilalabas na polusyon sa hangin sa Alternatibo 5C at 7 ay tinatayang mababa sa SCAQMD thresholds para sa lahat ng nagpaparumi maliban sa PM10 and NOX. Ipinapakita ng pag-analisa ng equipment ng konstruksyon na Best Available Control Technology (BACT) na maaaring pababain ang mga inilalabas na NOx at VOC, bagaman ang mga ibinubugang ito ay lalampas pa rin sa saligan ng kahalagahan ng SCAQMD.

Ingay: Sa panahon ng konstruksyon ng proyekto, maaaring paminsan-minsang talunin ng ingay ng mga gawain sa konstruksyon ang ingay ng kapaligiran sa mismong area ng proyekto. Kinokontrol ng Caltrans Standard Specifications ang ingay ng konstruksyon, Seksyon 14-8.02 "Pagkontrol sa Ingay." Sinasabi ng mga kinakailangan ito na ang antas ng ingay na nililikha sa panahon ng konstruksyon ay kokontrolin at imomonitor at hindi lalampas nang 86 dBA Lmax sa 50 talampakan mula site ng pinagtatrabahohan sa pagitan ng mga oras na 9:00 p.m. hanggang 6:00 a.m.

Enerhiya: Ang equipment ng konstruksyon at mga sasakyan ng mga manggagawa sa konstruksyon na umaandar sa panahon ng konstruksyon ng I-710 Proyektong Koridor ay gagamit ng mga fossil fuel. Ang mataas na konsumo ng fuel ay magiging pansamantala, hihinto sa katapusan ng mga gawain sa konstruksyon, at hindi magkakaroon ng kinakailangang tira para sa karagdagang pagkonsumo ng enerhiya. Ang napakaliit na pagtaas ng paggamit ng fossil fuel sanhi ng konstruksyon ng proyekto ay hindi inaasahang magkakaroon ng malaking epekto sa pinagkukunan ng enerhiya.

Mga Pangkalikasang Komunidad: Maaaring magkaroon ng pansamantalang mga epekto sa mga kominidad ng kalikasan sa panahon ng konstruksyon ng lahat ng alternatibong pagtatayo kung saan may pansamantalang nagambalang mga tirahan sa panahon ng pagpapatag o ng iba pang aktibidad. Sa pangkalahatan, magdudulot ang Alternatibo 7 ng mas malaking pansamantalang epekto kaysa sa Alternatibo 5C dahil sa tumaas na bilang ng struktural na haligi ng tulay/mga pantalan na nauugnay sa Alternatibo 7.



Ang pagkontrol sa umaagos na tubig-ulan sa panahon ng konstruksyon ay napakahalaga sa pagpapanatili sa kalidad ng tubig sa pinag-aaralang lugar.

Mga Basang Lupain/Iba pang Tubig: Maaaring may mangyaring pansamantalang epekto sa mga area na may hurisdiksyon sa panahon ng konstruksyon kung saan pansamantalang nagagalaw ang mga basang lupain o mga matubig sa panahon ng pagtatayo ng tambak, konstruksyon ng mga suporta sa tulay, pagpapatag, at ibang gawain. Magdudulot ang Alternatibo 7 ng mas malaking pansamantalang epekto kaysa sa Alternatibo 5C dahil sa dumaming tambak sa loob ng nasasakupang area na nauugnay sa Alternatibo 7.

Mga Uri ng Halaman: Ang pansamantalang mga epekto sa populasyon ng southern tarplant ay maaring idulot sanhi ng pagpapatupad ng alinman sa mga alternatibong pagtatayo. Sa pangkalahatan, magiging sanhi ang Alternatibo 7 ng mas malalaking pansamantalang epekto sa mga populasyon ng southern tarplant kaysa sa Alternatibo 5C.

Mga Uri ng Hayop: Ang dalawang alternatibong ito ng pagtatayo ay maaaring pagdulot ng pansamantalang epekto sa lungga na maaaring gamitin ng burrowing owl at humahapong mga paniki na iba't ibang uri. Ang konstruksyon at pagpapalawak ng apat na tulay sa bandang baba ng Ilog Los Angeles ay hindi magbabago sa pangmatagalang pagdaan ng California sea lion o isda na protektado sa ilalim ng Magnuson-Stevens Fishery Conservation and Management Act sa mga kanal. Walang permanenteng epektong mangyayari sa mahalagang tirahan ng isda (EFH) maliban sa mamalya na permanenteng mawawalan ng daanan kung saan ilalagay ang mga tambak.

Nanganganib at Papaubos nang Uri ng mga Hayop/Halaman: Pansamantalang epekto sa California least tern, Western Snowy Plover (populasyon sa baybay-dagat), at berdeng pagong ay maaaring maganap sa panahon ng konstruksyon mula sa pansamantalang di-tuwirang pagkagulo (ingay, vibration, alikabok, panggabing ilaw, at panghihimasok ng tao). Maaaring pansamantalang pahintuin ng konstruksyon ang pagkilos sa kahabaan ng Los Angeles River. Ang least tern ng California ay maaaring maapektuhan sa di-tuwirang paraan dahil sa mga pagbabagong nilikha ng proyekto sa kalidad ng tubig. Anumang berdeng pagong na bumibisita sa area sa mga bukana ng Los Angeles River ay maaaring di-tuwirang maaapektuhan ng mga pagbabago sa kalidad ng tubig na nilikha ng proyekto.

Mabilis magparaming Uri ng mga Hayop/Halaman: Ang konstruksyon ng I 710 Proyektong Koridor ay may posibleng magpakalat ng mabilis magparaming species sa pamamagitan ng pagpasok at paglabas ng kagamitang konstruksyon na kontaminado ng mga nanalakay, ang pagsama ng mabilis magparamig mga species sa hinalong binhi at mulch, at ang ditamang pagtanggap at pagtatapon ng mabilis magparaming mga species na nagiging sanhi ng pagkalat ng binhi nito sa highway.

Dumaraming mga Epekto: Ang dumaraming mga epekto na sanhi ng iminungkahing proyekto, na isinama sa iminungkahing proyekto noong nakaraan, sa kasalukuyan at sa hinaharap, ay hindi itinuturing na malubha. Lahat ng pansamantalang mga epektong inilarawan sa seksyon sa itaas, gayundin ng mga epekto ng ibang mga proyekto sa Pinag-aaralang Lugar, bawat isa ay mababawasan at mapahuhupa, kaya walang dumaraming epekto sa mga tao o sa kapaligiran. Ang mga pansamantalang dumaraming mga epekto sa trapiko at pagdaloy ay maaaring resulta ng konstruksyon ng higit sa isang proyekto sa lahat ng lugar. Sa kasong ito, ang mga TMP para sa bawat proyekto ay ihahanda sa hinaharap at ipakikipag-ugnayan para matiyak na may sapat na pagdaloy sa lugar, kabilang na ang laging pagmamantini ng mga kasalukuyang bilang ng mga linya ng freeway.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa kung paano ang konstruksyon ng I-710 Proyektong Koridor ay makakaapekto sa Pinag-aaralang Lugar, pakitingnan ang Seksyon 3.24 ng RDEIR/SDEIS.

S.5.25 - Mga Pagsasaalang-Alang sa Pampublikong Kalusugan

Ang pangunahing mga natuklasang nauugnay sa mga epekto ng konstruksyon ng mga alternatibong pagtatayo ay ang mga sumusunod:

Mga Parke at Panlibangan: Ang mga alternatibong pagtatayo ay hindi magdudulot ng di-magandang epekto sa daan papunta sa mga parke sanhi ng mga barikada sa nilalakaran o dinadaan ng bisikleta, mga pagbabago sa pedestriyan o pambisikletang kaligtasan na malapit sa mga parke, o sa pagbawas ng bahagi ng parke a kung gayon, hindi magkakaroon ng masamang mga epekto sa pampublikong kalusugan na nauugnay sa pagpunta sa parke. Ang pagpapalawak at pagbabago ng Cesar E. Chavez Park ay magdudulot ng mga epektong pakinabang dahil sa pagdami ng opurtunidad ng paggamit ng publiko sa parke pagkatapos ng konstruksyon.



Dahil ang pagpapabuti sa kalidad ng hangin at pagpapababa ng panganib sa pampublikong kalusugan ay pangunahing tunguhin ng proyekto, ang pampublikong kalusugan ay isinaalang-alang sa lahat ng aspekto ng proyektong mga pag-aaral pangkapaligiran.

Pagkakaisa at Katangian ng Komunidad: Batay sa uri ng mga pagbabago sa pagpunta sa Pinag-aaralang Lugar, ang kalapitan ng mga pagbabagong ito sa residensyal at di-residensyal na mga pag-aari, at ang makukuhang mapaglilipatan at ang Relocation Assistance Program (RAP) na inilaan ng Caltrans sa mga epektadong ari-arian ang mga pagsasaalang-alang ng Last Resort Housing, ang mga alternatibong pagtatayo ay hindi magdudulot ng pagkabukod at/o pagkahiwalay ng mga residente nang walang mapagkukunan ng paglilipatan kasama ng mga nasa komunidad at, kung gayon, hindi ito magdudulot ng malubhang epekto sa pampublikong kalusugan na nauugnay sa pagkakaisa at katangian ng komunidad.

Yamang ang mga alternatibong pagtatayo ay hindi magdudulot ng ilang mga pagbabago sa pagpunta, ang mga pagbabagong ito ay hindi magdudulot ng malubhang mga epekto sa pag-accees sa mga paaralan sa loob ng Pinag-aaralang Lugar. Sa sandaling magsimula na ang operasyon, ang mga alternatibong pagtatayo ay hindi magdudulot ng malulubhang epekto sa

paraan ng paglalakbay ng mga mag-aaral at pabubutihin ang daan papunta sa mga paaralan dahil sa pagpapababa sa pagsikip ng trapiko. Gayunman, ang mga alternatibong pagtatayo ay hindi magdudulot ng malulubhang epekto sa pampublikong kalusugan na nauugnay sa daan papunta sa mga paaralan.

Katarungang Pangkapaligiran: Ang mga natuklasang inilarawan itaas sa Pagkakaisa at Katangian ng Komunidad ay angkop din sa mga mamamayang minority at mababa ang kita (katarungang pangkapaligiran) sa loob ng I-710 Koridor.

Mga Utility at Serbisyong Emergency: Ang pagkilala sa ikinababaha ng publiko at espesipikong kawalang-katiyakan sa posibleng mga epekto sa kalusugan dahil sa pagkahantad sa electromagnetic field (EMF), ang California Public Utilities Commission (CPUC) ay nagsagawa ng patiuang pag-iingat na mabawasan ang pagkahantad sa EMF noong 1993 (ginawang napapanahon noong 2006). Habang inuuna ang pagpapanatili sa elektrikal na pangkaligtasan at magandang kinagawian sa engineering, ang mga elektrikal na utility na pag-aari ng mga mamumuhunan sa California ay gumagamit ng disenyong nagpapababa sa magnetic field na likha ng bago at muling itinayong mga elektrikal na pasilidad. Katulad ng reloksiyon ng electrical transmission at mga linya ng distribusyon para sa I-710 Proyektong Koridor ay gagamit ng mga disenyong nagpapababa sa mga EMF na kaayon nang patnubay ng CPUC na inilarawan sa itaas, ang pagsasaalang-alang sa kalusugan ng publiko tungkol sa mga EMF ay hindi itinuturing na ikinababaha.

Tungkol sa bilis ng pagtugon sa emergency, maliban sa mga epektong inilarawan sa itaas, (malulubhang epekto sa panahon ng konstruksyon at mga kapaki-pakinabang na epekto kapag nagsisimula na ang operasyon), ang pampublikong kalusugan ay hindi itinuturing na paksa ng alalahanin para sa mga serbisyong emergency.

Sirkulasyon ng Trapiko, mga Pedestriyan, at Siklista:

Pasusulungin ng proyekto ang mga pasilidad na pampedestriyan (mga bangketa) sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga luma na tatanggalin bilang bahagi ng proyekto. Bubuti din ang daanan ng bisikleta dahil sa gagawing bagong sementadong daan sa arterial na mga tulay na papalitan sa I-710 at sa Los Angeles River, gayundin ng bagong tawiran ng bisikleta/pedestriyan. Sa maraming kaso, ang mga kasalukuyang interchange ay papalitan ng mga dibersiyong diamond interchange na mga kompigurasyon ng interchange. Isinasalang-alang ang mga siklista at mga gumagamit ng pedestriyan sa disenyo ng mga interchange at angkop na treatment ang gagamitin para balansehin ang paggamit ng sasakyan, bisikleta, at pedestriyan. Kompletong mga Interseksyon ng Caltrans: Ang A Guide to Reconstructing Intersections and Interchanges for Bicyclists and Pedestrians (Caltrans 2010) ay gagamitin sa pagproseso ng disenyo. Dahil pagagandahin ang mga bangketa, ang mga daanan ng bisikleta at landas ay mamantinihin, gaganda ang pag-uugnay-ugnay ng bisikleta at pedestriyan, pabubutihin ng I 710 Proyektong Koridor ang kalagayan ng pedestriyan at pagdaan ng bisikletana magdudulot ng pakinabang sa pampublikong kalusugan na nauugnay sa pagsikip at kakayahang makakilos.

Ang pagsasamoderno ng disenyo ng I-710 ay inaasahang magpapababa sa kabuoang bilang ng namamatay sa mga aksidente, na ang resulta nito aykatulad ng dami ng aksidente sa I 710 na katulad dami ng malawakang nagaganap na aksidente sa kaparehong pasilidad. Ang inaasahang pagbabang ito ng mga naaaksidente ay magpapababa sa panganib ng pampublikong kalusugan na nauugnay sa pantrapikong kaligtasan.



Ang mga landas para sa mga bisikleta ay mamantinihin sa panahon at pagkatapos ng konstruksyon.

Kalidad ng Tubig: Ipatatupad ang kalidad ng tubig ng BMP para dalisayin ang tubig-ulan na dumadaloy sa panahong konstruksyon at operasyon ng mga alternatibong pagtatayo. Bilang resulta, ang mga alternatibong pagtatayo ay inaasahang magpapababa sa kalidad ng tubig ng mga dumadaloy na tubig. Ang treatment BMPs ay didisenyuhin para patuyuin at alisin ang nakatinggang tubig; sa gayon, ang mga vector (tulad ng mga lamok) ay hindi magiging problema. Kung gayon, ang mga alternatibong pagtatayo ay hindi magiging banta sa pampublikong kalusugan na nauugnay sa tubig o kalidad ng tubig.

Heolohiya, Mga Lupa, Panlindol, at Topograpiya: Ang pangunahing pagsasaalang-alang sa pampublikong kalusugan na nauugnay sa heolohiya ay ang kaligtasang panlindol. Lahat ng bago at binagong istruktura ng tulay na kasama sa mga alternatibong pagtatayo ay ididisenyo at gagawin alinsunod sa pinakabagong batayan ng disenyo ng panlindol ng Caltrans, kaya, mababawasan ang mga problema sa panganib ng pampublikong kalusugan na nauugnay sa pagbagsak ng istruktura kapag may lindol.



Pagsusuri ng mga technician sa mga mapanganib na materyal.

Mapanganib na Basura: Ang modernong disenyo ng I 710 Proyektong Koridor sa ilalim ng alinman sa mga alternatibong pagtatayo ay magdudulot ng pagbaba ng panganib sa mga aksidente sa trapiko, kabilang ang aksidente sanhi ng pagkatapon ng mapanganib na basura. Ang Alternatibo 7 ay higit pang magpapababa sa panganib sa pampublikong kalusugan sanhi ng pagkatapon ng mapanganib na basura sa pamamagitan ng paghiwalay ng daanan ng truck sa daanan ng automobile dahil sa koridor na pangkargamento na binubuo ng mga alternatibo. Ayon sa mga dahilang ito, hindi patataasin ng implementasyon ng mga alternatibong pagtatayo ang mga panganib sa pampublikong kalusugan na nauugnay sa mapanganib na basura at mga materyal sa maikling panahon lamang at bababa ang mga panganib na ito sa sa paglipas ng panahon dahil sa paglilinis at pagremedyo sa kontaminasyon ng mga mapanganib na basura sa mga ari-ariang matatamo para sa proyekto.

Kalidad ng Hangin: Ang alternatibong proyekto ay kakaraniwan nang nagpapabuti sa kalidad ng hangin at nagpapababa ng panganib sa pampublikong kalusugan sa Lunas ng I-710 AOI. Sa kahabaan ng I-710 ang kalidad ng hangin ay bubuti at baba ang panganib sa pampublikong kalusugan sa halos lahat ng lokasyon, pero may ilang kalapit na mga lokasyon ng kalsada na may pagtaas ng partikular na ibinubugaa ngunit walang pagtaas ng panganib sa sakit na cancer kung ihahambing sa 2012. Walang posibleng hakbang para mapahupa ang mga epekto sa kalapit na kalsada; kung gayon, ang mga ito malulubhang epekto na hindi maiiwasan.

Ingay: Ang iminungkahing mga barikada para sa ingay na itatayo sa ilalim ng ilinman sa mga alternatibong ito ay magpapababa sa antas ng ingay para sa mga taong nakatira at nagtatrabaho sa I-710 Koridor.

Kung interesado kang magbasa pa tungkol sa mga pagsasaalang-alang sa pampublikong kalusugan para sa mga alternatibo ng I-710 Proyektong Koridor, pakitingnan ang bawat seksyon ng paksa sa Kabanata 3 ng RDEIR/SDEIS.

S.6 - Sumaryo ng Malalaking Epekto sa Ilalim ng Ceqa Pagkatapos ng Pagpapahupa

Tulad ng detalyadong tinalakay sa Kabanata 4.0 Pagsusuring CEQA, ang mga sumusunod na epekto ng mga alternatibong pagtatayo na tiniyak bilang malaki, malubha, at hindi maiiwasan pagkatapos ng implementasyon ng natukoy na pag-iwas, pagpapababa, at pagpapahupang mga hakbangin, gayun din ng mga tampok na disenyo ng proyekto:

Mga Permanenteng Epekto sa Kalidad ng Hangin: Bagaman halos lahat ng area ay makakaranas ng pagbuti ng kalidad ng hangin, ang ilang sensitibong mga receptor na nasa malapit sa kalsada ay mahahantad sa marami-raming konsentrasyon ng polusyon na maaaring pahupain.

Mga Permanenteng Epekto sa Pagpapalano at Paggamit ng Lupain:

Sa loob ng mga Lungsod ng Commerce, Compton, Bell, at Long Beach, ang Alternatibo 7 ay magdudulot ng relokasyon na magdudulot ng malaki at hindi maiwasang epekto sa pagkakaisa at katangian ng komunidad. Magaganap din ang mga epekto sa ilalim ng Alternatibo 6C, gayunman, ang pagkakaisa at katangian ng komunidad ay mananatiling buo sa ilalim ng alternatibo.



Pamayanan na malapit sa I-710.

Permanenteng Epekto sa Populasyon at Pabahay: Ang Alternatibo 5C at Mga Pagpipiliang Disenyo ay magdudulot ng paglikas ng residensyal sa ibang lugar sa pagitan ng 109 at 128, ang Alternatibo 7 ay magdudulot ng relokasyon ng residente sa pagitan ng 121 at 140, depende sa mga pagpipiliang disenyo. Ang ilan sa mga inilikas na residenteng ito ay nasa mga area (pangunahin na sa mga Lungsod ng Commerce at Compton) kung saan walang sapat na makukuhang kapalit na pabahay. Kung gayon, hindi magiging posible na ilikas ang lahat ng napaalis na residente sa loob ng kanilang komunidad o isang lugar sa loob makatwirang layo mula sa kanilang komunidad. Sa dahilang ito, malamang na kailangan ang konstruksyon ng pamalit na pabahay sa mga lugar na ito.

Permanenteng Epekto sa Trapiko at Transportasyon: Hindi pa nairerekumenda ang mga hakbang sa pagpapahupa sa apat na apektadong intersection sapagkat hindi posible ang pagpapahupa dahil sa kahigpitan sa right-of-way at posibleng malulubhang epekto sa kalapit na mga ari-arian sa loob ng mga apektadong lungsod. Ang apat na mga interseksyong ito ay malubhang maaapektuhan ng mga alternatibong pagtatayo at magdudulot ng pagtaas sa pagkaantala dahil sa mga kalagayang Alternatibong Walang Pagtatayo sa hinaharap.

Mandatoryong Mahalagang mga Pagtuklas: Bagaman nakapagbibigay ang mga alternatibong pagtatayo ng mga pakinabang pagdating sa pag-aasikaso sa pangangailangan at layunin ng proyekto, ang unti-unting di-magagandang epekto ng iminungkahing proyekto ay maaaring isaalang-alang kapag isinasaalang-alangang mga nakaraang epekto, ng kasalukuyan at mga posibleng proyekto sa hinaharap. Karagdagan pa, malamang na ang proyekto ay maging sanhi ng malaki-laking di-magagandang epekto sa mga tao, gaya ng ipinapakita ng mga pagtalakay sa pagkakalipat ng mga residente dahil sa iminungkahing proyekto.

Ang natitira pang epekto ng mga alternatibong pagtatayo na natiyak na alinman sa hindi mahalaga o maiiwasan o mababawasan hanggang sa mas mababa pa sa antas ng mahalaga batay sa implementasyon ng pag-iwas ng proyekto, pagpapababa, at pagpapahupang mga hakbang at mga tampok sa disenyo ng proyekto, tulad ng detalyadong inilarawan sa Kabanata 4.0. Binubuod ng Talahanayan S-5 ang malalaking epekto na natukoy sa panahon pagsusuring CEQA at nauugnay na mga hakbang sa pagpapahupa na angkop para sa bawat epekto.

S.7 - Mga Area na Kontrobersyal at Mga Isyung di-Nalutas

Batay sa impormasyong nakalap sa MCS sa pagsusuring mabuti ng publiko at sa pagsisikap na maabot ang publiko, ang mga sumusunod na bahagi ng alalahanin ng publiko ay natukoy na. Ang ilang ibinangong isyu ay maaaring ituring na kontrobersyal.

Kalidad ng Hangin/Panganib sa Kalusugan: Ang kalidad ng hangin at panganib sa kalusugan ay magpapatuloy na kontrobersyal na pampublikong isyu dahil sa mataas na antas ng mga pagbuga na nagdudulot ng panganib sa kalusugan sa mga nakatira sa kahabaan ng I-710 Koridor dahil sa kasalukuyang masikip na trapiko at trapiko ng truck mula sa Ports.

Mga Komento ng USEPA: Nagbangon ng alalahanin ang USEPA hinggil sa analitikong pamamaraan na ginamit sa pagsuri ng mga posibleng epekto ng I-710 Proyektong Koridor at ng mga alalahanin tungkol sa mga posibleng epekto sa mga naninirahang mababa ang kita at minority. Patutuloy makikipagtulungan Caltrans sa USEPA para maasikaso ang kanilang mga ikinababaha.

Ingay: Lahat ng mga alternatibong pagtatayo ay magdudulot ng mga epektong ingay sa mga sensitong receptor sa kahabaan ng I-710 Koridor. May mga barikadang pang-ingay na iminungkahi na magpapababa sa mga epektong ito.

Mga Paglilipat ng Utility: Hindi sapat ang pagiging makabago sa disenyo ng proyekto para matiyak ang espesipikong mga lugar na paglilipatan ng ilang utility.

Pagtatamo ng Pribadong Ari-arian/Mga Pagpapalikas: Bagaman pinulido ang disenyo ng mga alternatibong pagtatayo para mabawasan ang pangangailangan ng pagkuha ng pribadong ari-arian para sa proyekto, ang pagkuha ng pribadong ari-arian at pagpapaalis ng mga kasalukuyang residente at mga negosyo ay malamang na kontrobersyal sa indibiduwal na may-ari.

Ang Caltrans, Metro, at ang iba pang Nagpopondong mga Kasosyo ng I 710 ay magpapatuloy sa pakikipagtulungan sa komunidad para malutas ang mga alalahanin sa kasalukuyang balangkas ng pakikibahagi ng komunidad ng I 710 Proyektong Koridor.

Talananayan S-5: Tsart ng Kahalagahan ng CEQA

Area ng Mapagkukunan	Pagpapasya ng CEQA	Mga Hakbang ng Pagpapahupa	Mga Alternatibo
Pagpapaganda			
Lubhang humina ang kasalukuyang nakikitang katangian o kalidad ng lugar at ng kapaligiran nito?	Mas Mababa kaysa sa antas na Mahalaga para sa Pagpapahupa	Sukat VIS-1 hanggang VIS-12 na inilaan sa Seksyon 3.6.4 na Nakikita/ Mga Pagpapaganda	Ang Alternatibo 7 ay magdudulot ng mas malaking pagpapagandang mga epekto kaysa sa Alternatibo 5C.
Kalidad ng Hangin			
Lumalabag sa alinmang pamantayan sa kalidad ng hangin o lubhang nakapagdadagdag sa kasalukuyan o inaasahang paglabag sa kalidad ng hangin?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Sukat AQ-1 sa Seksyon 3.13 Kalidad ng Hangin	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
Resulta ng unti-unting pagdami ng net ng alinmang batayan ng nagpaparumi sa proyekto sa rehiyon na hindi matatamo sa ilalim ng angkop nakapaligid na kalidad ng hangin sa pederal o estado (kabilang na ang nagbubuga ng usok na lampas sa sukatang hangganan para sa mga tagapagpasimula ng pagkasira ng ozone)?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Sukat AQ-1 sa Seksyon 3.13 Kalidad ng Hangin	Ang Alternatibo 7 ay magdudulot ng unti-unting pagtaas ng SO ₂ , habang ang Alternatibo 5C naman ay magdudulot ng unti-unting pagbaba ng SO ₂ .
Pagkahantad ng sensitibong mga receptor sa maraming konsentrasyon ng polusyon?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Sukat AQ-1 hanggang AQ-3 sa Seksyon 3.13 na Kalidad ng Hangin	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
Mapagkukunang Biolohikal			
May lubhang di-magandang epekto, tuwiran man o sa pamamagitan ng pagbabago ng tirahan ng mga hayop, sa alinmang mga species na natukoy bilang kandidato, sensitibo, o may espesyal na katayuang mga species sa lokal o panrehiyong mga plano, mga patakaran, o regulasyon, o ng serbisyo ng California Department of Fish and Game or U.S. Fish and Wildlife.	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Mga Sukat na NC-1 sa Seksyon 3.16, Mga Pangkalikasang Komunidad; CON-PS-1 sa Seksyon 3.24, Mga Epekto ng Konstruksyon; AS-1 sa Seksyon 3.19.4, Mga Uri ng Hayop; CON-AS-1 hanggang CON-AS-14 sa Seksyon 3.24, Mga Epekto ng Konstruksyon; CON-NC-2 hanggang CON-NC-13 sa Seksyon 3.24; CON-INV-3 sa Seksyon 3.24; CON-TES-1 hanggang CON-TES-4 sa Seksyon 3.24	Ang mga epekto ay nagkakaiba-iba sa pagitan ng mga Alternatibo 5C at 7 kung tungkol sa mga uri ng halaman, mga uri ng hayop, at mga pangkalikasang komunidad; sa pangkalahatan, maaaring magdulot ang Alternatibo 7 ng mas malaking mga epekto dahil sa mas malaki nitong sakop kaysa sa Alternatibo 5C.
May lubhang di-magandang epekto sa alinmang tirahan ng riparian o iba pang sensitibong komunidad ng kalikasan na nalaman sa lokal o panrehiyong mga plano, mga patakaran, o regulasyon, o ng California Department of Fish and Game or U.S. Fish and Wildlife?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Mga Sukat NC-1 sa Seksyon 3.16 Pangkalikasang Komunidad	Karaniwan nang nagdudulot ang Alternatibo 7 ng mas malaking epekto dahil sa mas malaki nitong sakop kaysa sa Alternatibo 5C.

Talahanayan S-5: Tsart ng Kahalagahan ng CEQA

Area ng Mapagkukunan	Pagpapasya ng CEQA	Mga Hakbang ng Pagpapahupa	Mga Alternatibo
Mayroong lubhang di-mabuting epekto sa mga basang lupain na protektado ng pederal tulad ng tinukoy sa Seksyon 404 ng Clean Water Act (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, marsh,vernal pool, baybaying dagat, atibp.) sa pamamagitan ng tuwirang pagtanggap, paglalaman, hydrological interruption, o iba pang pamamaraan?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Mga Sukat NC-1 sa Seksyon 3.16 Pangkalikasang Komunidad	Karaniwan nang nagdudulot ang Alternatibo 7 ng mas malalaking epekto dahil sa mas malaki nitong sakop kaysa sa Alternatibo 5C.
Pangkultura at Pangpaleotolohikal na mga Pag-aari			
May tuwiran o di-tuwirang pagsira sa walang katulad na pangpaleontolohikal na mapagkukunan o site o walang katulad na heolohikang tampok?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Sukat PAL-1 sa Seksyon 3.11 Paleontolohiya	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
Mga Heolohiyang Lupa			
a.iii) May kaugnayan sa lindol na mga pag-uga ng lupa, kabilang na ang pagkatunaw?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Mga Sukat GEO-1 sa Seksyon 3.10 na Heolohiya at Pag-aaral sa Lindol; CON-GEO-1 sa Seksyon 3.24.	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
Malagay sa isang heolohikang yunit o lupa na hindi matatag, o magiging di matatag dahil sa proyekto, at malamang maging resulta ng pagguho ng lupa sa pinagtatayuan at sa labas nito, pagkalat sa magkabila, paglubog, pagkatunaw o pagbagsak?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Mga Sukat GEO-1 sa Seksyon 3.10 na Heolohiya at Pag-aaral sa Lindol; CON-GEO-1 sa Seksyon 3.24. Mga Epekto sa Konstruksyon	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
Mapanganib at Napakamapangib na mga Materyal			
Nasa isang site na kasama sa listahan ng mga site para sa mapanganib na mga materyal na na-compile bilang pag-alinsunod sa Government Code Section 65962.5 at, bilang resulta, lilikha ba ito ng matinding panganib sa publiko o kapaligiran?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Mga Sukat HW-1 hanggang HW-11 na nakalista sa Seksyon 3.12, mga Mapanganib na Materyal, at mga Sukat CON-HW-1 hanggang CON-HW-3 na nakalista sa Seksyon 3.24, Mga Epekto ng Konstruksyon	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
Pagpapalano at Paggamit ng Lupa			
Pisikal na pinaghihiwalay nito ang isang tatag na komunidad?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Hindi Natukoy	Magdudulot ang Alternatibo 5C at Alternatibo 7 ng parehong mga epekto sa pagkakaisa ng komunidad; gayunman, may karagdagang mga epekto sa komunidad sanhi ng pagpapatupad ng Alternatibo 7 dahil sa dumaming kailangan para sa right-of-way para sa apat na linya ng koridor na pangkargamento.

Talahanayan S-5: Tsart ng Kahalagahan ng CEQA

Area ng Mapagkukunan	Pagpapasya ng CEQA	Mga Hakbang ng Pagpapahupa	Mga Alternatibo
Ingay			
Pagkahantad ng mga tao o paglikha ng antas ng ingay na lampas sa mga pamantayang itinatag sa local general plan o ordinansa sa ingay, o angkop na mga pamantayan ng ibang ahensya?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Sukat N-1 sa Seksyon 3.14 Ingay	Ang mga receptor sa loob ng I-710 Pinag-aaralang Area ay makakasagap ng malaki-laking pagtaas sa ingay mula sa kasalukuyang antas ng ingay para sa dalawang alternatibo; gayunman, ang alternatibo 7 ay magdudulot ng bahagya lamang na pagtaas na epekto sa mga receptor kaysa sa Alternatibo 5C.
Pagkahantad ng mga tao sa o paglikha ng labis-labis na panginig ng lupa o antas ng ingay sa lupa?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Sukat CON-N-1 at CON-N-2 sa Seksyon 3.24 na Mga Epekto ng Konstruksyon	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
May marami-raming permanenteng pagtaas sa antas ng ingay sa palibot nito sa nasasakupang proyekto na mataas sa antas ng kasalukuyan nang walang proyekto?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Sukat N-1 sa Seksyon 3.14 Ingay	Ang mga receptor sa loob ng I-710 Pinag-aaralang Area ay makakasagap ng malaki-laking pagtaas sa ingay mula sa kasalukuyang antas ng ingay para sa dalawang alternatibo; gayunman, ang alternatibo 7 ay magdudulot ng bahagya lamang pagtaas ng epekto sa mga receptor kaysa sa Alternatibo 5C.
Populasyon at Pabahay			
Napalitan ang marami-raming bilang ng kasalukuyang pabahay, kung kaya kinakailangan gumawa ng kapalit na pabahay sa ibang lugar?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Hindi Natukoy	Ang Alternatibo 7 ay magdudulot ng mas malaking mga epekto ng paglilipat kaysa sa nauugnay sa Alternatibo 5C
Napalitan ang marami-raming bilang ng mga tao, kung kaya kinakailangan gumawa ng kapalit na pabahay sa ibang lugar?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Hindi Natukoy	Ang Alternatibo 7 ay magdudulot ng mas malaking mga epekto ng paglilipat kaysa sa nauugnay sa Alternatibo 5C.
Mga Pamublikong Serbisyo			
Ang proyekto ba ay nagdulot ng lubhang di-magagandang pisikal na epektong nauugnay sa probisyon ng bago o binagong pampamahalaang pasilidad, kailangan ng bago o nakikitang binagong mga pasilidad pampamahalaan, konstruksyon na naging sanhi ng matinding mga epekto sa kapaligiran, o para mamantini ang katanggap-tanggap na rasyon ng serbisyo, bilis ng pagtugon o iba pang mga tunguhing mahusay na paggawapara sa alinmang mga pamublikong serbisyo: Proteksyon sa sunog? Proteksyon ng pulisya? Mga Paaralan? Mga Parke? Iba pang pamublikong mga pasilidad?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Mga Sukat C-1 hanggang C-4 sa Seksyon 3.4, Mga Komunidad; CON-TR-1 sa Seksyon 3.24 Mga Epekto ng Konstruksyon	Kapwa ang mga alternatibong ito ay magdudulot ng pagtatagmo ng pasilidad; gayunman, ang Alternatibo 7 ay magdudulot ng karagdagang mga pagtatamo ng pasilidad kung ihahambing sa Alternatibo 5C.

Talahanayan S-5: Tsart ng Kahalagahan ng CEQA

Area ng Mapagkukunan	Pagpapasya ng CEQA	Mga Hakbang ng Pagpapahupa	Mga Alternatibo
Mga Parke at Pasilidad Panlibangan			
Ang proyekto ba ay magpapataas sa paggamit ng kasalukuyang pamayanan at mga parke ng rehiyon o iba pang mga pasilidad panlibangan tulad ng di-birong pisikal na pagkasira ng pasilidad ay magaganap o mapapabilis?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Mga Sukat PR-1 hanggang PR-23 sa 3.1 Paggamit ng Lupa	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
Transportasyon at Trapiko			
May pagkakasalungatan sa angkop na plano, ordinansa o patakaran na nagtatag ng mga sukatan ng pagkaepektibo para sa performance sa sistema ng sirkulasyon, na isinasaalang-alang ang lahat ng mga paraan ng transportasyon kasama sa ang transit na pangmasa at hindi pangmotor na paglalakbay at kaugnay na mga bahagi ng sistema ng sirkulasyon, mga daang pampedestriyan at bisikleta, at transit na pangmasa?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Hindi Natukoy	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
May pagkakasalungatan ba sa angkop na programa sa pamamahala ng masikip na trapiko, kabilang na, ngunit hindi limitado sa antas ng pamantayan sa serbisyo at mga sukat ng pangangailangan sa pagtatakbay, o iba pang pamantayan na itinatag ng county congestion management agency para sa nakatalagang mga kalsada o highway?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Hindi Natukoy	Ang Alternatibo 5C at 7 ay magdudulot ng magkatulad na mga epekto
Mga Utility at Sistema ng Serbisyo			
Kailangan o resulta sa konstruksyon ng bagong mga pasilidad ng paagusan ng tubig ulan o pagpapalawak ng mga kasalukuyang pasilidad, konstruksyon na maaaring maging sanhi ng malaki-laking epekto sa kapaligiran?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Sukat FP-2 sa Seksyon 3.8 Hydrology at Bahaing Lugar	Karaniwan nang ang Alternatibo 5C at Alternatibo 7 ay nagresulta ng magkaparehong mga epekto, gayunman, ang Dominguez Gap Spreading Grounds ang siyang maaapektuhan lamang ng koridor na pangkargamento sa Alternatibo 7

Talahanayan S-5: Tsart ng Kahalagahan ng CEQA

Area ng Mapagkukunan	Pagpapasya ng CEQA	Mga Hakbang ng Pagpapahupa	Mga Alternatibo
Mandatoryong Mahalagang mga Natuklasan			
May potensyal bang pagkasira sa kalidad ng kapaligiran dahil sa proyekto, lubhang nagpapaliit sa tirahan ng isda o mga uri ng hayop sa kalikasan, nagiging sanhi ng pagbaba sa antas ng nakapagtutustos sa sarili sa populasyon ng isda o buhay-ilang, nanganganib maubos ang pananim o komunidad ng hayop, lubhang magpapaunti sa bilang o pipigilan nito ang pagdami ng bihira o papaubos nang mga halaman o hayop o pagkaubos ng mahalagang halimbawa ng pangunahing yugto sa kasaysayan ng California o prehistory?	Mas Mababa kaysa sa antas ng pagiging Mahalaga na maaaring Mapahupa	Tingnan ang Seksyon 4.4 Mga Hakbang sa Pagpapahupa para sa Malaking mga Epekto sa ilalim ng CEQA	Ang dalawang alternatibong ito ay may posibleng magpababa sa kalidad ng kapaligiran sanhi ng mga epekto ng mga sumusunod: Mga pangkalikasang komunidad, pangpananim na komunidad, at mga basang lupain at iba pang anyong tubig.
Ang proyekto ba ay may mga epekto na limitado sa indibiduwal, ngunit unti-unting epekto? ("Ang cumulative considerable" ay nangangahulugang ang unti-unting mga epekto ng proyekto ay malaki kung ihahambing sa mga epekto ng nakaraang mga proyekto, sa kasalukuyan, at ang mga epekto ng posibleng mga proyekto sa hinaharap?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Hindi Natukoy	Ang dalawang alternatibo, kapag isinama sa naiipong mga proyekto, ay magdadagdag sa mga epektong nauugnay sa kalidad ng hangin, pagpapalano at paggamit ng lupa, ingay, populasyon at pabahay, panghuli, sa transportasyon at trapiko.
Mayroon bang mga epekto sa kapaligiran ang proyekto na nagdudulot ng malaki-laking di-magagandang epekto sa buhay ng tao, tuwiran man o di-tuwiran?	Malaki at Di-maiiwasang Epekto	Hindi Natukoy	Ang mga alternatibong ito ay may tuwiran at di-tuwirang di magagandang epekto sa buhay ng tao na hindi maaaring pahupain tungo sa antas na mababa sa antas nang pagiging mahalaga.

S.8 - Pakikipagtulungan sa Publiko at sa Iba pang Ahensya

Ang maaga at tuloy-tuloy na pakikipagtulungan sa pagitan ng pangkalahatang publiko at ng pampublikong mga ahensya sa I 710 Kasosyo sa Pagpopondo ng Koridor (Caltrans, Metro, Gatewa Cities COG POLB POLA SCAG at ng I 5 JPA) na nakikipagtulungan at patuloy na makikipagtulungan bilang mahalagang bahagi ng pangkapaligirang proseso para matiyak ang saklaw ng pangkapaligirang dokumentasyon, antas ng pagsusuri, anumang posibleng mga epekto at mga hakbang sa pagpapahupa, at nauugnay na mga kinakailangang pangkapaligiran. Ang pagkonsulta sa ahensya at pakikibahagi ng publiko para sa proyektong ito ay natapos na sa pamamagitan ng iba't ibang pormal at di-pormal na mga paraan, kabilang na ang masinsinang multi-tiered na proseso ng pakikibahagi ng komunidad sa iba't ibang pampublikong mga pagpupulong at mga pagpupulong ng pakikipagtulungan sa mga ahensya. Binubuod ng Kabanata 5.0 ang mga resulta ng pagsisikap ng Caltrans, Metro, at ng mga kasosyong ahensya ng I 710 Proyektong Koridor para lubos na makilala, matugunan, at malutas ang mga isyung nauugnay sa proyekto sa pamamagitan ng maaga at patuluyang koordinasyon.

Ang patuluyang koordinasyong mga pagsisikap ay nagbunga ng pagkilala ng mga Nakikipagtulungan at Nakikibahaging Ahensya. Ang Nakikipagtulungang Ahensya, gaya ng tinukoy sa NEPA ay ang anumang ahensyang Pederal, o Estado o lokal na ahensya na may katulad na kwalipikasyon, na may hurisdiksyon ng batas o espesyal na kadalubhasaan may kinalaman sa alinmang epekto sa kapaligiran na sangkot sa iminungkahing proyekto o alternatibong proyekto (40 CFR 1508.5). Karagdagan pa, ang Nakikipagtulungang Ahensya ay maaaring gumamit, nang hindi na kailangang muling pamamahagi, ng pahayag sa epekto sa kapaligiran ng nangungunang ahensya, pagkatapos ng independyenteng pagrepaso sa pahayag. Ang mga Nakikibahaging Ahensya ay yaong mga interesado sa proyekto; sa gayon lahat ng ang mga Nakikipagtulungang Ahensya ay mga Nakikibahaging Ahensya din. Gayunamn, yamang ang mga papel at pananagutan ng mga

Nakikipagtulungan at Nakikibahaging Ahensya ay pareho lang, ang mga Nakikipagtulungang Ahensya ay may mas mataas na antas ng awtoridad, pananagutan, at pakikisangkot sa proseso ng pangkapaligirang pagrepaso. Nasa kapamahalaan ng nangungunang ahensya ang pagsasaalang-alang ng mga pagkakaibang ito sa pagpapasya kung iimbitahin ang isang ahensya na maglingkod bilang Nakikipagtulungan o kaya ay Nakikibahaging Ahensya o bilang Nakikibahaging Ahensya lamang. Sa ilalim CEQA, ang isang Responsableng Ahensya ay ang anumang pampublikong ahensya na iba sa nangungunang ahensya na may pananagutan sa anumang pag-apruba (hal., permiso) na kailangan para maipatupad ang proyekto.

S.9 - Buodng Paghahambingng mga Alternatibo

Ang Talahanayan S-6 sa kasunod na mga pahina ay naglalaan ng buod ng paghahambing ng Alternatibo 1, Alternatibo 5C, at Alternatibo 7 para sa isasaalang-alang na mga pangunahing paksang pangkapaligiran.

Talahanayan S-6: Buod ng Paghahambing ng mga Alternatibo

Mga Paksang Pang-alternatibo at Pangkapaligiran	Alternatibo 1	Alternatibo 5C	Alternatibo 7
Paglalarawan ng Alternatibo	Walang pagbabago sa I-710	<p>Palaparin ang I-710 sa ilang seksyon at gawing moderno ang mga geometriko ng I-710</p> <ul style="list-style-type: none"> Kasama ang Master Plan ng Pagpapaganda ng Koridor Nakaprogramang mga elemento (ZE/ NZE Paglalagay ng Truck, Pakinabang na Pamublikong Kalusugan) 	<p>Gawing moderno ang mga geometriko at magdagdag ng nakahiwalay na koridor na pangkargamento (dalawang linya sa magkabilang direksyon, na may kabuoang apat na linya)</p> <ul style="list-style-type: none"> Kasama ang Master Plan ng Pagpapaganda ng Koridor Nakaprogramang mga elemento (ZE/NZE Paglalagay ng Truck, Pakinabang na Pamublikong Kalusugan)
Kalidad ng Hangin/ Pagtaya ng Panganib sa Kalusugan	<p>Hindi ipapatupad ang I-710 Proyektong Koridor at ang espesipikong mga pakinabang ng mga alternatibong pagtatayo ng I-710 Proyektong Koridor at hindi magaganap sa ilalim ng Alternatibo 1. Gayunman, ang iba pang proyektong ipinagpatuloy sa kalagayang walang pagtatayo ay maglalaan ng mga pakinabang na kalidad ng hangin at kakayahang makakilos.</p>	<ul style="list-style-type: none"> Ang mga pagkaliliit na sangkap na ibinubuga sa area ng proyekto ay tumaas kung ihahambing sa mga kalagayang walang proyekto Ang MSAT at batayan ng mga nakapagpaparuming ibinubuga ay bababa kung ihahambing sa kasalukuyang mga kalagayan Bumabang panganib sa pamublikong kalusugan sa halos lahat ng dako, ngunit sa ilang kalapit na kalsada ang mga pagbuga ay tataas 	<ul style="list-style-type: none"> Ang mga pagkaliliit na sangkap na ibinubuga sa area ng proyekto ay tumaas kung ihahambing sa mga kalagayang walang proyekto Ang ibinubugang MSAT at batayan ng mga nakapagpaparuming ibinubuga ay bababa kung ihahambing sa kasalukuyang mga kalagayan Ang panganib sa pamublikong kalusugan ay magiging pareho sa mga panganib sa kalusugan na nauugnay sa Alternatibo 5C na may bahagyang pagtaas ng mga epekto ng mallilit na sangkap
Mga Epekto sa Komunidad			
Mga Paglikas	Walang mga paglikas	Ang mga paglikas sa pagitan ng residensyal ng 109 at 128 at sa pagitan ng hindi residensyal ng 157 at 165 (depende sa pagpipiliang disenyo).	Ang mga paglikas pagitan ng residensyal ng 121 at 140 at sa pagitan ng hindi residensyal ng 206 at 213 (depende sa pagpipiliang disenyo).
Pagpunta	Walang pagbabago sa pagpunta	<ul style="list-style-type: none"> Pinabuting daan papunta sa pedestriyan Minamantini ng mga alternatibong ruta ang kasalukuyang pag-access Limang bagong tulay na para lamang sa bisikleta/ pedestriyan 	<ul style="list-style-type: none"> Pinabuting daan papunta sa pedestriyan Minamantini ng mga alternatibong ruta ang kasalukuyang pag-access Pagdagdag ng isang bagong korihidor na pangkargamento sa I-710/Slauson Ave. na kalahating interchange Tatlong bagong tulay na para lamang sa bisikleta/ pedestriyan

Talahanayan S-6: Buod ng Paghahambing ng mga Alternatibo

Mga Paksang Pang-alternatibo at Pangkapaligiran	Alternatibo 1	Alternatibo 5C	Alternatibo 7
Mga Parke at Pasilidad Panlibangan	Walang mga pagbabago sa mga parke at pasilidad panlibangan	Mga epekto sa mga sumusund na pasilidad: Parque Dos Rios, Compton Hunting at Fishing Club, Maywood River Park (mga di-tuwirang epekto), Coolidge Park (mga di-tuwirang epekto), Parke ng Bandini (permanenteng paghawan ng ere), Wrigley Greenbelt (pansamantalang pagpapahupa ng konstruksyon), Los Cerritos Park (pansamantalang pagpapahupa ng konstruksyon), Cressa Park (pansamantalang pagpapahupa ng konstruksyon), Parke ng Cesar E. Chavez na pagpunta/pakinabang sa ng parking, at Landas sa Ilog Los Angeles at pinasulong na daan papunta sa Landas sa Rio Hondo.	Mga epekto sa mga sumusund na pasilidad: Parque Dos Rios, Compton Hunting at Fishing Club, Park Maywood River (mga di-tuwirang epekto), Coolidge Park (mga di-tuwirang epekto), Parke ng Bandini (permanenteng paghawan ng ere), Los Cerritos Park (pansamantalang paghawan ng ere), Cressa Park (pansamantalang paghawan ng ere) Parke ng Cesar E. Chavez pakinabang na pagpunta/parking, at Landas sa Ilog Los Angeles at pinasulong na daan papunta sa Landas sa Rio Hondo.
Ingay	Hindi ipapatupad ang mga alternatibong pagtatayo kaya walang mga epektong ingay.	<ul style="list-style-type: none"> • 2.2 milya ng iminungkahing mga bagong barikadang para sa ingay at 5.3 milya ng mga barikada para sa ingay na ipapalit sa kasalukuyang barikada. 	<ul style="list-style-type: none"> • 2.7 milya ng iminungkahing mga bagong barikadang para sa ingay at 6.8 milya ng mga barikada para sa ingay na ipapalit sa kasalukuyang barikada.
Nakikita	Hindi ipapatupad ang mga alternatibong pagtatayo. Kaya hindi magkakaroon ng mga nakikitang epekto mula sa I-710 Proyekto Koridor.	Ang Alternatibo 5C ay magkakaroon ng mas kaunting nakikitang epekto kaysa sa Alternatibo 7 sapagkat wala itong kasamang nakataas na koridor na pangkargamento.	May mas mataas na antas ng nakikitang epekto kaysa sa Alternatibo 5C sapagkat magkakaroon ito ng itatayong nakataas na koridor na pangkargamento na nakikita mula sa kalapit na residensyal na lugar. Ang pinaka malaking di-magandang nakikitang mga epekto sa mga Lungsod ng Long Beach at South Gate, dahil sa pagiging malapit ng freeway sa freeway na mga interchange, mga barikadang pang ingay, at ng nakataas na koridor na pangkargamento.

Talahanayan S-6: Buod ng Paghahambing ng mga Alternatibo

Mga Paksang Pang-alternatibo at Pangkapaligiran	Alternatibo 1	Alternatibo 5C	Alternatibo 7
Mapanganib na Basura	Walang mga pagbabago sa kasalukuyang pisikal na kapaligiran at hindi magdudulot ng mga epektong mapanganib na basura	Ang mga panganib ng mapanganib na basura na nauugnay sa mga alternatibong pagtatayo ay nauugnay sa pagtatamo ng mga lupain, konstruksyon at operasyon ng proyekto. Mayroong posibleng mga mapanganib na materyal, kabilang na ang mga produktong petrolyo, na maaaring matagpuan sa Pinag-aaralang Area na pagtatayo. Anumang kontaminasyong matatagpuan sa panahon ng konstruksyon o ginagawang paghuhukay para sa mga maaaring magalaw dahil sa ganap o pagtatamo ng bahagi nito o dahil sa pansamantalang pagpapahupa ng konstruksyon sa ilalim ng mga alternatibong paghuhukay ay pangangasiwaan ng wasto, tatanggalin, reremedyuhan at/o itatapon ayon sa angkop na mga regulasyon. Kung isa sa mga alternatibong pagtatayo ang ipapatupad, ang bawat ari-arian na may ikinababahalang pangkapaligiran ay kailangang sumailalim sa pagsusuri para masuri kung anong partikular na sanhi ng kontaminasyon sa lupa at/o tubig sa ilalim ng lupa, at isang plano ng pagreremedyo sa mapanganib na basura na partikular sa site at bubuoin para sa angkop na pagtatanggal at pagtatapon ng mga materyal na ito. Kung kailangan, magpapatupad ng paglilinis ng site at maglalaan ng anumang kasunod na pagsubaybay para tiyaking naremedyuhan na ang kontaminasyon sa ilalim ng regulasyong antas.	Ang mga panganib ng mapanganib na basura na nauugnay sa mga alternatibong pagtatayo ay nauugnay sa pagtatamo ng mga lupain, konstruksyon at operasyon ng proyekto. Mayroong posibleng mga mapanganib na materyal, kabilang na ang mga produktong petrolyo, na maaaring matagpuan sa Pinag-aaralang Area na maaaring magalaw dahil sa ganap o pagtatamo ng bahagi nito o dahil sa pansamantalang pagpapahupa ng konstruksyon sa ilalim ng mga alternatibong pagtatayo. Anumang kontaminasyong matatagpuan sa panahon ng konstruksyon o ginagawang paghuhukay para sa mga alternatibong paghuhukay ay pangangasiwaan ng wasto, tatanggalin, remediated at/o itatapon ayon sa angkop na mga regulasyon. Kung isa sa mga alternatibong pagtatayo ang ipapatupad, ang bawat ari-arian na may ikinababahalang pangkapaligiran ay kailangang sumailalim sa pagsusuri para masuri ang kung anong partikular na sanhi ng kontaminasyon sa lupa at/o tubig sa ilalim ng lupa, at isang plano ng pagreremedyo sa mapanganib na basura na partikular sa site at bubuoin para sa angkop na pagtatanggal at pagtatapon ng mga materyal na ito. Kung kailangan, magpapatupad ng paglilinis ng site at maglalaan ng anumang kasunod na pagsubaybay para tiyaking naremedyuhan na ang kontaminasyon sa ilalim ng regulasyong antas. Ang nakataas na koridor na pangkargamento ay magpapababa ng panganib sa kaligtasan ng publiko mula sa pagkatapon ng mapanganib na basura sa pamamagitan ng paghiwalay sa daanan ng truck mula sa daanan ng automobile.

Talahanayan S-6: Buod ng Paghahambing ng mga Alternatibo

Mga Paksang Pang-alternatibo at Pangkapaligiran	Alternatibo 1	Alternatibo 5C	Alternatibo 7
Trapiko	Walang mga pagpapabuti sa I-710 maliban sa kasalukuyang nakaplano. Ang kalagayan ng trapiko ay magpapatuloy na lalala sa paglipas ng panahon dahil sa tumataas na dami ng sasakyan na sanhi ng paglago sa panrehiyong trapiko Halos lahat ng bahagi ay inaasahang patatakbuhi sa LOS F sa 2035 AM abalang oras.	Ang alternatibo 5C ay may tatlong bahagi ng I-710 na patatakbuhi sa LOS F sa 2035 AM abalang oras.	Ang alternatibo 7 ay may walong bahagi ng I-710 na patatakbuhi sa LOS F sa 2035 AM abalang oras.
Kalidad ng Tubig	Ang kasalukuyang pagtagas sa kalsada ay ipoproceso ng kasalukuyang mga BMP at sasailalim sa BMP development alinsunod sa permiso ng Tubig-baha. Kaya ang Alternatibong Walang Pagtatayo ay hindi magdudulot ng pagbuti sa kalidad ng tubig batay sa mga BMP.	Ang bahaging di-natatagos ng tubig ay madaragdagan ng 156.4 ektarya. Lilinisin ng mga BMP ang 74 porsyento ng tumatagas mula sa di-tinatagos ng tubig na bahagi sa loob ng lugar ng proyekto, na magiging pagsulong sa kasalukuyang kondisyon.	Ang bahaging di natatagos ng tubig ay tataas ng 256.9 ektarya. Lilinisin ng BMPs ang 78.3 porsyento ang mga nasa pinagtatayuan na mga tumatagas mula sa mga lugar na hindi natatagos ng tubig sa loob ng lugar ng proyekto, na magiging pagsulong sa kasalukuyang kalagayan.
Pangkulturang Pinagkukunan	Hindi ipapatupad ang mga alternatibong pagtatayo. Kaya hindi magkakaroon ng mga epekto sa makasaysayang pinagmumulan mula sa I-710 Proyekto Koridor.	Mga epekto sa apat na makasaysayang pinagmumulan: dalawang bahagi ng UP Railroad, Dale's Donuts, at Boulder Dam-Los Angeles 287.5 kV Transmission Line. Na tiyak na hindi magkakaroon ng di-magagandang ipekto sa makasaysayang mga pinagmumulan	Mga epekto sa apat na makasaysayang pinagmumulan: dalawang bahagi ng UP Railroad, Dale's Donuts, at Boulder Dam-Los Angeles 287.5 kV Transmission Line. Na tiyak na hindi magkakaroon ng di-magagandang ipekto sa makasaysayang mga pinagmumulan.
Biolohiya/Likas na Pinagkukunan	Hindi maaapektuhan ng Alternatibo 1 ang tirahang latian at pampang ng ilog.	Permanenteng tuwirang mga epekto sa 2.13 ektarya ng mga tirahang latian at pampang ng ilog at permanenteng di-tuwirang mga epekto sa 36.67 ektarya ng mga tirahang ito.	Permanenteng tuwirang mga epekto sa 11.23 ektarya ng mga tirahang latian at pampang ng ilog at permanenteng di-tuwirang mga epekto sa 42.36 ektarya ng mga tirahang ito.

I-710 = Interstate 710

kV = kilovolt

LOS = level of service

MSAT = Mobile source air toxics

UP Railroad = Union Pacific Railroad

ZE/NZE = zero emission/near zero emission